


# MGA GAWA NG ESPIRITU SANTO

 . . . sa palibot ng iglesya. Kadadaos lang natin ng gawaing paglilibing, kaninang hapon, mayroon na naman pong isa sa umaga. Kaya ang sabi ko, “Magpunta muna tayo sa simbahan, at kung maaari’y dalian natin, para di tayo makaliban ng isa sa mga gawain na ito.”

<sup>2</sup> At di ko po alam na sasabihin pala ni Kapatid na Neville, “Halika rito sa entablado at mangusap nang kaunti.” Pero ako po’y tunay na nagagalak para sa pagkakataon na makaparito na makumusta uli kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, dahil sa Kanyang pag-ibig, kabutihan, at awa, para sa ating lahat; at sa ating kapatid dito, na pastor.

<sup>3</sup> Alam n’yo, si Kapatid na Neville ay medyo iba sa marami sa mga ministro. Sila nga’y . . . kapag ang isang ministro, kapag ipauubaya niya sa iba ang kanyang pulpito, parang malaking bagay na ’yun sa kanya. Di n’yo lang ’yun napapansin na ganun ’yun. Pero, si Kapatid na Neville ay sadya ngang maibigin at mapagbigay sa tuwina na lagi niyang ipinaubaya ang kanyang pulpito sa tuwing paririto po ako. At nagsasabi, “Kapatid na Bill. . .” At di ka lang tatanungin kung gusto mo; hihikayatin ka pa talaga mismo na pumarito, alam n’yo. At mararamdaman mo talaga na doble-doble ang pagtanggap sa iyo. At ako nga’y nagagalak para riyang, kita n’yo. Di n’yo nga kayang tanggihan ang kahit sino, kung ganoon. Sila po’y napakabuti at kalugud-lugod, sa bagay na ganoon.

<sup>4</sup> Nabalitaan ko na sinabi niya na ’yung munti niyang anak ay nagsusuka raw at may sakit. At ako. . . Kapatid na Junior, sa palagay ko’y ang anak niyang sanggol ang narinig kong paubobo diyan sa may likod, kani-kanina lang. Ang anak mo bang sanggol ’yun, Junior, ’yung umuubo? At talamak po talaga ang sipon at iba-iba pang bagay. Mananalangin po tayo para sa mga maysakit, maya-maya.

<sup>5</sup> Ngayon, magsisimula po ako rito sa kung saan ako huminto kaninang umaga, dito sa ika-4 na kabanata ng Mga Gawa. At heto. . . At magsimula tayo, sa palagay ko, sa banda rito sa ika-10 talata ng ika-4 na kabanata ng Mga Gawa ng mga alagad, o, mga gawa ng Espiritu Santo sa mga alagad. Kita n’yo? Tayo nga’y nakagawian nating isipin, na tawagin itong, “Mga Gawa ng mga alagad.” Pero di po ito mga gawa ng mga alagad. Ito po’y ang Espiritu Santo na nasa mga alagad, na gumagawa, kita n’yo. Ito pong mga kalalakihan na ito, sa sarili nila, sila’y pawang mga tao lamang, at wala silang kakayahang gumawa. At bago ako tumugaygay pa. . .

<sup>6</sup> Nakaupo po ako sa likuran kasama si Kapatid na Wood, mga kani-kanina lang. At may isa pong munting kapatiran, na matagal-tagal na ring dumadalo rito sa iglesya, may pagnanais siya na alamin ang kanyang posisyon. Sa palagay ko'y puwede ko nga sa kanyang sabihin, kung gagawin niya lamang po. Pag-awit po. Kapatid na Temple, ikaw—ikaw nga'y may kakayahan na gawin ang ilang bagay at kung ano pa, pero isa ka ngang mainam na mang-aawit. Kaya ako—ako nga'y nalulugod diyan. At kung maluwag mo lamang na itatagubilin ang sarili mo, sa pag-awit, haya't magagamit ka mismo ng Diyos. Pero ikaw—ikaw nga'y...?...hinahanap mo ang posisyon mo sa lahat na ng iba pang mga bagay maliban sa naaangkop talagang bagay. Pumuwesto ka sa pag-awit. Diyan ang talento mo. Kailangan mong gamitin 'yan. Kalugud-lugod nga. Gustung-gusto ko ang makalumang mga awitin. Di po ba't kayo rin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po. Yung marinig 'yan, sa paraan na 'yan gaya nung dati, gustung-gusto ko nga 'yan, Kapatid na Neville. Gustung-gusto ko mismo. Isang . . .

<sup>7</sup> Tuwang-tuwa nga ako sa pangangaral at lahat na ni Kapatid na Neville. At heto ring tuwang-tuwa ako sa mainam na mga makalumang pag-aawitan na 'yan na ginagawa niya at ng mga kapatid na babae, rin, sa—sa programa sa radyo. Kung di pa n'yo naririnig 'yun, marami marahil sa inyo, haya't, kayo po'y tumutok kada Sabado ng umaga at pakinggan n'yo sila, at tiyak na mapagpapala kayo. Hayan nga't, ang maybahay ko at maging ang maliliit kong mga anak, at lahat, inaantabayanan talaga nila 'yung programa na 'yun, na para bang bibisita ako mismo roon, at bumisita na po ako roon noon, na isa sa mga—mga mahal sa buhay sa pamilya. Inaantabayanan namin ang pulpito na 'yun, o ang programa na 'yun, tuwing Sabado ng umaga, at nagagalak kami roon.

<sup>8</sup> Alam n'yo, nitong umaga may kung anong bagay nga na nangyari rito na di pa rin mawala sa aking—sa aking pag-iisip, ito ngang tungkol sa sanggol na 'yun. Nakaramdam ako nang talagang halos kakatwang pakiramdam sa bagay na 'yun. At ako nga'y napaisip. Nung bumangon ako kaninang umaga, ako nga'y tumingin sa maybahay ko at ang sabi ko, "Honey, ako—ako nga'y nagkaroon ng isang panaginip o isang pangitain. At di ko," Sabi ko, "Di ko—di ko masabi kung pangitain ba 'yun, dahil baka tulog ako noon. Pero," Sabi ko, "Para bang totoong-totoo! At nakaupo ako sa may silid nung matapos 'yun." Sabi ko, "Di ko lang maalala, siyanga, kung ako ba'y bumangon muna . . .nung ang pangitain na 'yun, ay dumating sa akin."

<sup>9</sup> Pero nung nagpunta nga ako rito, ito'y . . .haya't nakita ko ang lahat ng mga bagay na 'yun na kumikilos sa kung papaano ba 'yun dun. At tinawagan ko noon si Kapatid na babaing Cox at natanong ko siya, mga ilang araw na rin ang nakararaan, tungkol sa isang sanggol na ganoon ang itsura. At parang 'yun 'yung

sanggol. At 'yung munting sanggol po, 'yung mata niya'y kinain na mismo ng kanser. Yung munting mata, rito, talagang kinain na mismo, at parang peklat na lang na nakaumbok dun. Kumalat na 'yun sa kabilang mata, at 'yung sanggol nga'y nakaratay dun na parang wala nang buhay. At may kilalang nag-oopera sa Louisville, sinabi sa nanay na dalhin ang sanggol dito sa akin, para maipanalangin. Kaya mangyaring. . . At lahat ng. . . Ako nga'y naniniwala na Diyos ang may dulot nun. . . na ako'y magkaroon ng pangitain para sa sanggol na 'yun. At kung gaano po akong katiyak na nakatayo ako sa entablado ng ito, ngayong gabi, ang sanggol pong ito'y magaling na. Siyanga, po. Ako po'y sadyang. . . Napakadalang ko po, Kapatid na Cox, na ako'y di tiyak sa mga bagay na ganito.

<sup>10</sup> Ngayon, mayroong isang pagkakataon, di ko makuha nang malinaw 'yung tungkol dito kay Kapatid na George Wright, nung ako'y. . . Tinawagan ako ni Kapatid na McDowell, para—para magpunta sana sa pinapasukan niya, o dun sa nanay po ni Charlie. At ang nanay niya'y nakaratay roon na parang wala nang buhay sa ospital, halos. At gusto ni Kapatid na Mack na magpunta ako, kaya ako'y—ako'y nagpunta para makita 'yung sanggol. At kagagaling ko lang noon kay Kapatid na George apat na araw na ang nakararaan. At mahal ko siya. Pero sa kaibuturan ng puso ko ay naniniwala po akong yayao na siya. Ganoon nga. Naniniwala ako na mamamatay na siya. At 'yung mga doktor, “Wala na siyang pag-asa.” May pamumuo na raw ng dugo sa kanyang puso, kaya wala nang anumang magagawa.

<sup>11</sup> Si Gng. Wright, nakaupo rito, ang kapatid nating babae, tinanong kung anong palagay ko roon. Matapos ang apat na araw ng pananalangin sa kanya, sabi ko, “Sa palagay ko'y wala na siya.”

<sup>12</sup> At si munting Edith tinanong niya ako tungkol dun. Di ko 'yun masabi sa kanya. Sabi ko, “Oh. . .” Pero siya'y nananalig pa rin. Nananalig siya. Kumakapit pa rin siya. At ako. . .

<sup>13</sup> Nakaupo ryan sa likod si Kapatid na Shelby, haya't siya'y parang kapatid ko na sa dugo. Kinatagpo niya ako ryan, sabi niya, “Anong palagay mo sa kalagayan ni tatay?”

<sup>14</sup> Sabi ko, “Shelby, naniniwala talaga ako na yayao na siya.” Sabi ko, “Naniniwala ako na siya'y—siya'y yayao na sa atin.” Sabi ko, “Buweno, siya'y pitumpu't tatlong taong gulang na, at dumating na siya sa katapusan ng kanyang buhay. At tatlong dalawampu at sampu lang ang ipinangako sa kanya ng Diyos.” Sabi ko, “Sa tingin ko'y yayao na siya.”

<sup>15</sup> At nung gabi na 'yun nung nakauwi na ako sa bahay mula dun, si Kapatid na Mack nga'y may kasigasigan na ako raw ay magpunta dun. At ipinagmaneho ako ni Charlie sa dako roon, doon sa. . . Nagpunta siya roon, at di siya bumalik hanggang sa lumalim na 'yung gabi o mag-uumaga na noon. At ako nga'y

nagpunta't nanalangin ako para dun sa babae, at 'yun lang ang tanging magagawa ko.

<sup>16</sup> At nung makauwi na ako, pumasok na sa silid, at naghubad ng kamiseta at naghanda nang matulog. At nung ginagawa ko na 'yun, may naulinigan ako na nag-uusap. Tumingin ako, at hayun ang isang babae na inuuban na ang buhok. At nakatayo siya sa isang kusina, may kausap siya sa telepono. At mangyari ngang, ang nanay pala 'yun nung bata. Siyanga. At ako . . .

<sup>17</sup> Tapos nakita ko 'yung—'yung matandang puno ng wilow na naroon sa mismong tabi ng bahay nila Kapatid na George, at may nakita akong mga tingkal ng lupa na nahuhulog, na para itong putik o lupa, na parang luwad ang itsura. At lupa po, at putik. At sinabi Niya na ito'y "libingan." May sinabi tungkol sa libingan, "At marami sa kanila na nanlilibak sa kanya, ang unang mapapasa libingan bago siya," o parang ganun. At di ko nga 'yun maunawaan nang saktong-sakto. Kaya, dali-dali po, tinawagan ko si Kapatid na babaing Wright, at tinawagan siya at sinabi sa kanya (kay Kapatid na babaing Wright, sa palagay ko'y sa kanya nga) na di ko naunawaang maigi 'yung pangitain kung ano nga ba 'yun.

<sup>18</sup> Pero ang nangyari nga, ito pong nanay ni Charlie'y umuwi, at naroon noon sa tahanan nila at nakipag-usap sa telepono, at lahat ng kung ano 'yung sinasabi mismo ng pangitain. Sa tingin ko'y wala siya ngayon. Pero, siya nga'y naparoon pa sa tahanan nila gaya ng sinasabi nung pangitain, gayong sinasabi ng ilan na di na siya aabot ng umaga; pero umabot po siya. Ngayon, at isa nga 'yang pagsasaalang-alang sa Diyos na ipinapaalam sa atin na Siya'y tumutugon sa ating panalangin.

<sup>19</sup> May nagtanong po, nung isang araw, o 'yun—'yun po yatang lalaking ito na sumulat nung libro kamakailan lang, na ang sabi, "May isang lalaki na nagkaroon ng sakit sa pantog, at," sabi, "napagaling ang lalaking ito. At makalipas ang isang taon, ang sabi'y may sakit siya uli."

<sup>20</sup> Oo nama't, nangyayari 'yan. Maaari ka ngang mapagaling ngayong gabi, at may sakit na naman uli kinaumagahan, nung siya ring sakit na 'yun. Maaari ka nga ring makasalanan ka sa gabing ito, at isang . . . Maaari ka ngang makasalanan ka sa gabing ito, at Cristiano ka na kinaumagahan. Maaari ka ring Cristiano ka ngayong gabi, at makasalanan na kinaumagahan. Siyanga.

<sup>21</sup> Makapagbibigay nga ang doktor sa isang tao ng penicillin para sa malala niyang sipon o pulmonya, at gagaling siya sa oras na 'yun mismo. At idadaan pa nila siya sa eksaminasyon; talagang walang kaproble-problema sa kanya, wala ni katiting man na pulmonya sa kanya, o lagnat; at bukas ay maaari nga siyang mamatay dahil sa pulmonya, sa siya ring sakit na 'yun. Tama po ba? Wala kasi 'yung kinalaman dun.

22 Kita n'yo, para nga itong, “magluwa ng lamok, at lumunok ng kamelyo,” gaya ng sinasabi ng lumang kasabihan.

23 Pero, sa kabila n'yan, heto nga, bumalik at sinabi kay Kapatid na babaing Wright. Sa madaling sabi nagpunta ako, at nagkaroon uli ako ng pangitain, at nakita ko si Kapatid na George Wright na nakapuwesto riyan sa likod, at ako nama'y papasok ng pinto. Lumakad siya mismo rito at dumaan dito sa may pasilyo na ito, at nagpunta mismo rito at kinamayan ako, na naglalakad.

24 Wala nga siyang kakayahan na lumakad; alam n'yo naman po ang kalagayan niya. Yung pamumuo ng dugo'y pinabunsod 'yung mga hita niya na magkaganoon, at sinabi rin ng doktor, “Papunta na 'yun sa puso niya. Puwede siyang mamatay ano mang oras.” Kaya, sa edad niyang pitumpu't tatlo, wala na nga siyang tsansa dito sa lupa na mabuhay pa.

25 At bumalik po ako at binanggit ito sa iglesya, tinawagan si Kapatid na babaing Wright. Di lang po pala tumawag, haya't nagpunta pa mismo ako roon. At dun sa bahay niya, 'yung mga tao. . . May dalawang lalaki na nakaupo dun sa bahay niya, sa pagkakaalala ko, nung umaga pong 'yun. Hindi ba't tama 'yun, Kapatid na George? May dalawang lalaki dun sa bahay mo, nung umaga na nagpunta ako roon. May isa na naroon siya sa kabilang pinto at may isa pa na malaki ang pangangatawan. Sabi ko, “Oh, ganoon nga. . .” [Sinasabi ni Kapatid na George Wright, “Kinausap mo pa nga sila. Di ko lang maalala.”—Pat.] Ano po uli? [“Kinausap mo pa nga sila. Di ko lang maalala.”] Sa palagay ko nga. . . Ganoon nga ba 'yun, Edith? Oo, at may dalawa. Oo, at siya'y talagang malubha ang kalusugan.

26 Pero sabi ko, “Huwag kayong magulumihanan sa anumang bagay, dahil si Kapatid na Wright ay babalik sa tabernakulo, na siya'y makapaglalakad na naman muli, dahil GANITO ANG SABI NG PANGINOON.”

27 Napagbaligtad ko po yata. Ganito po pala muna ang sinabi ko, “May kung anong bagay patungkol sa libingan.” At kung ano mismo ang ibig sabihin nun, hayun nga 'yung pangitain na inihayag 'yun sa akin nang klarong-klaro, kung ano 'yun, na 'yun pala'y para 'yun sa mga tao na nanlilibak sa kanya dahil siya'y lumabas mula sa iglesya nila na dati siyang kasama, na di naniniwala sa Makalangit na kagalingan. At nakatanaw nga siya roon sa mga libingan nila, at may pagkabatid na sila nga'y mauunang yumao bago siya.

28 Ilan na ang yumao, mula noon? [Sinasabi ni Kapatid na George, “Apat o lima na ang nailibing mula nang bumuti ang lagay ko. At 'yung mangangaral ko na nangaral kung bakit ako pinalabas ng iglesya ko, ay inilibing na rin nang mga dalawang linggo na ang nakararaan.”—Pat.] Tama nga ba ang Panginoon? Siyanga, po. Tiyak ako. Lima na nga 'yan sa. . . Apat na 'yan, at

kamo'y, lima na 'yan. Lima na ang yumao. At wala pang isang taon, hindi ba, Kapatid na George? ["Mag-iisang taon na rin."] Mag-iisang taon na rin, sa oras na ito. Yun nga ang nangyari, kita n'yo. Kapag ang Diyos ang magsasalita, ito'y tiyak na tiyak na ganap. Ang magagawa mo na lamang ay saksihan ito. Wala pa nga akong nakikita ni minsan na may nabigo na kahit isa lang. At kahit na gaano pa ito, kung . . .

<sup>29</sup> Ang mga minamahal nating mga doktor at mga bagay ay talaga namang nagpupursige dun sa sanggol, at lahat ay talaga pong ginagawa. Di po ako sigurado, pero halos sigurado ako na 'yun 'yung bata na 'yun, dahil nakita ko 'yung babae mismo na hayung nakalagay ang mga bagay na 'yun sa kanya, alam n'yo, 'yung mga kolorete sa labi niya; at—at naroon 'yun sa mismong dako kung saan nagkaroon ng pangangaral nung ilibing ang asawa ko. At 'yung sanggol ay kamukha ng sanggol ko, na si Sarah, sa dakong 'yun, kita n'yo. At 'yun 'yung sanggol, halos sigurado po ako. Kung 'yun po 'yun, ay wala ngang anumang bagay rito sa mundo . . . Na haya't nakita ko mismo ang sanggol na 'yun, na mula sa kamatayan, ay nabuhay po. Kita n'yo? At mabubuhay at mabubuhay ito, kung papaanong siguradong-sigurado na ang Diyos ay nasa Langit ngayong gabi, at ang Kanyang mga Salita ay siyanga nama't totoong-totoo. Siyanga, po. Sinasampalatayanan ko 'yan nang buong puso ko. Kaya, antabayan lang po natin at tingnan. Kahanga-hanga nga ang Panginoon. Hindi po ba't Siya nga? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ganun na lamang Siyang kabuti sa atin!

<sup>30</sup> Ngayon pinag-aaralan natin, kaninang umaga, itong bahagi na ito ng Aklat ng Mga Gawa, tungkol sa Iglesya, noong mga panahon na 'yun na nagingas sila sa kaluwalhatian ng Diyos. Hayan nga na ang Panginoong Jesus ay naparito bilang isang saksi, dito sa lupa, na Siya ang Anak ng Diyos! Na ganoon na lamang ang kanilang pagtitiwala sa Kanya! At mangyari rin na sinabi Niya sa kanila na imposible para sa Kanya, sa katawang laman, na mapasa lahat! Mangyari kasing nasa isang katawan lang Siya nung panahon na 'yun. Pero heto nga, kung Siya'y aalis, Siya'y babalik muli sa anyo ng Espiritu, at pagkatapos Siya'y dadako mismo sa bawat gutom na puso na nagugutom at nauuhaw para sa Kanya. At 'yung siya rin mismong mga gawa na Kanyang ginawa rito sa lupa, Kanyang ipagpapatuloy sa Kanyang Iglesya, hanggang sa katapusan ng mundo.

<sup>31</sup> Hindi po ba't nagagalak kayo na nariyan kayo sa Iglesya na 'yan, ngayong gabi? Hindi po sa ilalim ng . . . Hindi po rito, sa—sa ilalim ng bubong ng simbahang ito. Ang ibig kong sabihin, sa loob ng Iglesya. May iisang Iglesya lamang. At—at di kayo umaanib Dito. Di kayo—kayo lalagda sa papel, makapasok lang Dito. Kayo—kayo—kayo'y ipinanganak sa loob Nito, siyanga. At ipinanganak kayo sa loob ng Iglesyang ito, at ito nga'y sa pamamagitan ng biyaya na kayo'y naipanganak sa loob Nito.

Kahit kailan ay wala kayong pagkagutom na makapasok Dito; wala kayong paghahangad na makapasok Dito, kinamumuhian n'yo pa nga ang mismong ideya Nito, na anupa't ito'y maliban na lang na ang Diyos Mismo ang nagtalaga na kayo'y ibilang sa Iglesya na ito. At kung kayo'y nasa . . . At kung kayo'y ibibilang sa Iglesya na ito, alam na ito ng Diyos noon pa bago itatag ang patibayan ng mundo, na kayo'y mapapasa Iglesyang ito. At Kanya itong itinalaga na, at kayo'y itinalaga na noong una pa na mapasa Iglesya na ito. Hindi po ba't kahanga-hanga ito?

<sup>32</sup> “Lahat ng dumirinig ng Aking Tinig ay lalapit sa Akin.” Hindi ba't tama 'yun? “At lahat ng ibinigay na sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin, at ibabangon Ko siya muli sa huling araw.”

<sup>33</sup> Kita n'yo, ngayon, sinasabi ng mga tao, “Di ako naniniwala sa ganyang mga bagay!” Huwag n'yo silang kagalitan. Maawa kayo sa kanila, kita n'yo. Ipanalangin n'yo sila. Dahil, sila'y—sila'y walang nakapaloob *dito*, at marahil kailanma'y di na talaga malalamnan, para ibunsod na manampalataya sila. Sila nga'y nananampalataya sa punto vista ng—ng teolohiya. Haya't sinasabi nila, “Buweno, tunay, naniniwala naman ako na . . .” Pero, ang ibig ko pong sabihin, di sila sasampalataya maliban na ang Diyos talaga 'yan na nakapaloob sa puso nila. Kita n'yo? At di n'yo kayang . . .

<sup>34</sup> Sinabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.” Hindi dahil sa umanib siya sa iglesya, di dahil nabautismuhan siya, di dahil nagawa niya 'yung *ganito*, na nakasigaw siya, na nagawa niya 'yung *iba pa*. Yang mga bagay na 'yan ay pawang maiinam naman; pag-anib sa iglesya, pagbabautismo, pagsigaw. Pero ang sinabi Niya, “Siya'y may Buhay na walang hanggan, dahil siya'y nanampalataya.”

<sup>35</sup> Ngayon, sa Mga Gawa 2:38, sinabi ni Pedro, “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo.”

<sup>36</sup> At matagal kong pinagtatakahan, sa maraming mga taon, kapag may nakikita akong ganoon at nabasa ko ito. Naisip ko, “Panginoon, hetong lumalapit ang mga lalaki't babae. Haya't nakikita ko na dumudulog sila sa may altar, at lumuluhod at umiiyak, at nananalangin, nagpupunta pa't nababautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at pagkatapos ay sanglinggo lang, hayan na po sila sa sanlibutan uli.” Naisip ko, “Oh Diyos, tunay na di nagkakamali ang Iyong Salita. Di ko lang po talaga maunawaan ang situwasyon na ito. Pero Ikaw po, Panginoon, kung ako po'y magpapatuloy sa Iyo, sinabi Mo na ang Iyong Salita ay mamamalagi sa akin.”

<sup>37</sup> Kaya nagpatuloy lang ako sa Kanya, hanggang sa ngayon ay nakita ko na kung ano ito. Ipinaalam Niya ito, kita n'yo. At

ni minsan noon ay di ko talaga ito maintindihan hanggang sa buksan ito ng Panginoon, isang araw, at hayun nga ito na nasa harapan ko mismo. Haya't nakita ko na ang mga taong ito ay di pala sila pinaging ganoon doon pa sa pasimula, kita n'yo, na, "Walang tao ang makalalapit sa Akin, maliban na palapitin siya ng Aking Ama." Wala nga 'yun sa kung 'yung tao na ba 'yun ay ginusto niya 'yun; nakasalalay ito sa Diyos na hinirang ito na maging. Hindi nga ito sa dahil gusto mo Ito, o hindi; wala kayong kinalaman sa bagay na ito. Ang Diyos ito. Siya, "Ang Kanyang ibig patigasin ay Kanyang patitigasin. Ang Kanyang ibig kaawaan ay Kanyang kaaawaan." Ganoon nga. At maging sino ka man, anuman 'yang posisyon mong taglay, ikaw ma'y presidente o ikaw ma'y palaboy sa kalsada, wala nga 'yang anumang kinalaman dito. "Ang Diyos ay may awa sa Kanyang ibig na kaawaan."

<sup>38</sup> At bago pa magpasimula ang mundo, Kanyang itinalaga na ang ganitong karaming mga tao, sa lahat ng mga kapanahunan, kung sino ang mga taong ito, na maliligtas. At bawat isa na Kanyang itinalaga ay lalapit sa Kanya. Ganoon nga. Bawat isa roon ay lalapit, at walang sinuman sa kanila ang mawawaglit. Kanya nang itinalaga, ang sabi pa'y 'yung Iglesya na 'yun na lilitaw dun; Ito'y walang dungis; Ito'y walang kulubot.

<sup>39</sup> At ngayon, sa pag-usad ng mga kapanahunan, heto't nakita natin sila kaninang umaga, sa aralin, at itong mga dakilang Orthodox na mga tagapagturo, na talagang kinikilala't mga pulido talaga, na talagang banal sa kanilang paglakad dito sa mundo. At ang Biblia . . . Pakinggan n'yo po. Sinabi ng Biblia, "Sila'y nasumpungan na walang kapintasan." Dahil, sabi nila, "Oh, di ko puwedeng hawakan *iyang*. Di ko puwedeng gawin *ito*." Kita n'yo, pero 'yun nga'y hindi sa biyaya; sa mga gawa.

<sup>40</sup> At naligtas tayo na hindi sa pamamagitan ng mga gawa, na mga bagay na ginagawa natin. Hindi nga itong mga bagay na nagagawa ko ang nagligtas sa akin. Si Cristo ang may gawa na ako'y naligtas. Kita n'yo? Hindi sa . . . Wala akong kabanalan.

<sup>41</sup> Halimbawa'y susubukan kong sabihin, "Buweno, ititigil ko na ang pag-inom. Ititigil ko na ang paninigarilyo. Ititigil ko na ang pagnanakaw, pagsisinungaling, at iba pa." Yan nga'y sa mga bagay na gawa ko, kita n'yo. Sa ganang sarili ko ito. May bagay nga ako na puwede kong ipagmalaki.

<sup>42</sup> Pero heto nga na wala naman akong—wala naman akong itinigil talaga. Siya'y pumarito sa akin at inalis 'yun sa akin. Kita n'yo? Ganoon nga. Kaya naman ito'y bagay na di ako ang may gawa. Ito'y bagay na Siya mismo ang may gawa.

<sup>43</sup> At, heto, ang Espiritu Santo'y lalagak na, at lalago araw-araw; sadyang lalago, ibubunsod Nito ang Sarili na lumago nang lumago; itutulak palabas ang mga bagay, mga layaw, mga tukso. Habang pinagtatagumpayan mo ang mga bagay na ito,



ang Espiritu Santo'y pumupuwesto sa posisyon Nito. Haya't alam n'yo ba? Kung may matinding tukso ka sa isang bagay na di kaaya-aya; pagtatagumpayan ang bagay na 'yan nang ilang beses, at masdan mo kung ang iyong patotoo ay kung di ba't lumalago talaga mismo bilang saksi dun.

44 Tingnan n'yo si Samson. Nung makasalubong niya . . . Yung leon nga'y pasugod na para patayin siya, at napatay niya ang leon nung ang Kapangyarihan ng Diyos ay lumukob sa kanya. Pinatay ang leon gamit lang ang kanyang mga kamay, marahil hinapak lamang sa panga para mahati. Isang maliit, na munti't, paalon-alon ang buhok na pandak, na *ganito* lang sigurong kataas. Maliit, na munting, mahinang binata, na payat tingnan, na naroon sa daan; may pitong tirtas ng buhok sa kanyang ulo, na parang binabae. Haya't siya nga'y mistulang binabae, hanggang sa ang Espiritu ng Diyos ay lumukob sa kanya.

45 Ngayon, di nga mahirap paniwalaan na ang isang higante't bruskong lalaki'y magagawa niyang paslangin ang leon gamit ang kamay lang. Naniniwala ako na kaya niyang gawin 'yun. Pero ang kakatwa nga, itong maliit na munting binatilyo na ito'y nagawa niya 'yun.

46 Pero lumukob nga ang Espiritu ng Panginoon sa lalaki na ito, at napatay niya ang leon, pinatiwangwang lamang sa isang gilid. At may mga bubuyog na gumawa ng bahay nila roon. At si Samson . . . ang pinaka matamis na pulot na nakain niya, ay nanggaling dun sa katawan ng napatay na leon na 'yun. Tama po ba? Bakit? Napagtagumpayan niya ito sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos.

47 At kung may bagay ka na gusto mong kumain mula roon ng matamis na pulot, pagtagumpayan mo lamang sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos. Ganoon nga. Masdan n'yo kung gaanong kainam 'yun. Oh, ang ganda. Mapapadaan . . . Marahil dati kang lasenggo, at, heto nga, na sa tuwing makaka-amoy ka ng wiski o serbesa, o kung ano pa, gusto mong uminom nun. Pagtagumpayan mo 'yun, sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos; at mapadaan ka man muli minsan, at bantayan mo 'yung pakiramdam na 'yun na nasa puso mo, na anupa't ang lahat ng mga bagay-bagay ay patay na't nawaglit na, tapos na ang lahat. Oh, grabe, 'yun nga 'yung matamis na pulot na makukuha mo mula roon!

48 Ngayon, itong mga tao na ito ay tunay na nagtagumpay. Noong Araw na 'yun ng Pentecostes, napuno silang lahat ng Espiritu Santo. Yung mga kapangyarihan ng Diyos ay napasa kanila. Nagkaroon sila ng mga kaloob na ibinigay sa kanila, na makapagsalita ng iba't ibang wika, at lahat na. Nagtamasa sila ng maluwalhating panahon noon, at ang Iglesia ay talagang nagningas.

49 Ngayon tutugaygay po ako rito sa iba na namang munting anggulo rito, kay Esteban, nung panahon na ito, hanggang sa makabalik ako sa orihinal kong teksto uli, kung magagawa ko. Pansinin n'yo, may isang lalaki na ang pangalan ay Esteban. Di nga siya isa sa mga alagad. Hindi, hindi nga. Isa lamang siyang diyakono. Pero, oh, kapatid, may kung anong bagay talaga siya sa puso niya. Di siya mapakali.

50 Ganoon nga ang mangyayari sa bawat tao kapag kanyang natanggap Ito sa kanyang puso. Di talaga mapapakali; grabe, kinakailangan niyang ipagsabi 'yun sa mga tao!

51 At heto na nga sila, doon sa may lansangan, nagkakaroon ng rebaybal, at talagang nagtatamasa sila ng maluwalhating panahon. Aba, para nga 'yung bahay na nasilaban ng apoy, sa malakas na hangin. Di n'yo nga siya mapipigil. Siyanga.

52 Kaya dinampot nila siya, doon sa may lansangan, at dinala siya sa harapan ng Konseho ng Sanedrin. Sabi, "Kapatid, sige't ililigpit natin ang lalaking ito. Susupilin natin itong lahat ng mga pagkapanatikong ito." At ikinulong nila siya sa kulungan hanggang mag-umaga. Nagtipon na ang Konseho ng Sanedrin, marahil nasa mga kalahating milyong mga tao, o higit pa, ang nagkatipon dun. Itinulak nila ang munting matandang Esteban sa dakong 'yun.

53 Pero nung lumabas na siya, kapatid, nung paglabas niya, ay heto nga't ang mukha niya'y nagliliwanag na parang sa Anghel. Kapatid, di ko mailarawan, pero parang ilawang nagliliwanag, na heto't mababakas ang liwanag sa kanyang mukha, na alam na alam nga niya ang ipinapangusap niya. Di ko mailarawan pero animo'y mistulang isang Anghel na nagliliwanag, na may ilawan o kung ano na nagliliwanag. Haya't ang ibig sabihin nito'y nababakas ang liwanag sa kanya dahil dito, na kanya ngang nauunawaan ang ipinapangusap niya.

54 Sinabi ng Biblia na may tapang siya. Lumakad dun, na may pagkamariin, at sabi, "Kayo na mga kalalakihan ng Israel. . ." Mag-isa lang na nakatayo roon, na parang kordero sa gitna ng sampung libong gutom na mga lobo na nangangalit ang mga ngipin para sa kanyang dugo. Sabi, "Kayo na mga kalalakihan ng Israel, at lahat kayo ng Judea, at iba pa, at mga magulang! Maipaalam nga sa inyo, na ang Diyos ni Abraham. . . Ang Diyos ng ating mga magulang na nagpakita noon kay Abraham, na nagdala sa kanya palabas ng Caldeo, ay nagkaloob sa kanya ng pangako patungkol sa lupain na ito. At—at mula sa kanya'y nanggaling si Jesus Cristo, na ang ginawa naman n'yo, na sa pamamagitan ng malulupit n'yong mga kamay, ay ipinako sa krus, at pinatay."

55 At nung matapos na niyang sabihin ang mga bagay na 'yun, sabi niya, "Kayo na matitigas ang ulo, na di tuli ang puso't mga tainga, sinasalansang n'yo sa tuwina ang Espiritu Santo! Gaya

ng ginawa ng mga magulang n'yo noon, ganoon din ang ginawa n'yo!" Oh, naku! Gusto ko ngang marinig ang pangangaral na 'yan na nairekord. Kapatid na Beeler, kung maaari'y mayroon tayong rekording nito. Siyanga, po. Sabi niya, "Oh, kayo na matitigas ang ulo, di tuli ang puso't mga tainga, sinasalansang n'yo sa tuwina ang Espiritu Santo! Gaya ng ginawa ng mga magulang n'yo noon, ganoon din ang ginawa n'yo!" Kapatid, wala nga siyang pagpipigil na kung tatama'y tatama talaga (di po ba?), gayong nalalaman niya na ang dugo niya'y dadanak dahil dun.

<sup>56</sup> Sinabi ng Biblia, "Siya'y lalaki na puspos. . ." Puspos ng ano? Puspos ng kamangmangan? Di, po. Puspos ng teolohiya? Di, po. "Siya'y puspos ng Espiritu Santo." Diyan nga mismo nakalagak ang lahat nitong dakila't, maiinam na katangian, dahil siya'y napuspos na. Ang sanlibutan ay itinulak na paalis, at ang Espiritu Santo'y nasa kanya. "Siya'y lalaki na puspos ng Espiritu Santo." Grabe! Pipigilan siya? Hinding-hindi n'yo nga 'yun magagawa. Walang makapipigil sa kanya. Nag-aalab siya, kapatid. Kinakailangan niyang ipangaral ang Ebanghelyo. At ipinangaral niya ang Ebanghelyo, at gumawa ng mga himala't mga tanda.

<sup>57</sup> At matapos ang ilang saglit, nung sugurin nila siya nang may pagngangalit, kinaladkad nila siya mula dun sa konseho at inilabas siya dun, at pinatay siya. Pinagbabato nila siya ng mga buo-buong tipak at mga bato, hanggang sa lasugin nila siya hanggang mamatay. Nakatayo roon noon si Pablo, bilang saksi, at nung tumunghay si Pablo at nakita si Esteban na malapit na itong mamatay. Tumingala si Esteban at nagsabi, "Nakikita ko ang kalangitan na nakabukas. Nakikita ko ang kalangitan na nakabukas at si Jesus ay nasa kanan ng Diyos."

<sup>58</sup> Tumunghay si Pablo. Nakikinita ko nga na napakamot siya ng kanyang ulo, at napaisip, "Ano bang nangyayari?"

Sabi ni Esteban, "Panginoon, huwag Mo pong iparatang sa kanila ang kasalanan na ito."

<sup>59</sup> At nakatulog siya sa mga bisig ng Diyos, hinehele. Bakit? Simula nga nun di na niya naramdaman ang iba pang sumunod na bato. Hinele siya ng Diyos sa Kanyang bisig hanggang sa makatulog, katulad ng isang nanay sa anak niyang sanggol na pinagagatas. Dinala siya ng Diyos sa dibdib ni Cristo, sa may Luklukan ng Diyos sa ibayo, kung saan siya'y nakatamo ng kapayapaan; at ibinilang sa mga martir, na may putong na ng isang martir noong gabi na 'yun, "imortal," nakatayo sa gitna ng mga tao. Yun nga si Esteban, na puspos ng Espiritu Santo. Siyanga. Wala ng talab ang buo-buong tipak, ng malalaking bato na 'yun, habang tumatama ang mga ito sa kanyang ulo. Hinele siya ng Diyos hanggang sa makatulog. Di kailanman sinabi ng Biblia na siya'y namatay. Ang sabi ng Biblia, "Siya'y

nakatulog.” Amen. Sa ganoong paraan namamatay ang mga Cristiano. Amen. Buweno.

<sup>60</sup> Ngayon sila nga’y nagtatamasa ng maluwalhating panahon. Yung balita tungkol dun ay nakarating; gaya ng nabanggit ni Kapatid na Neville, kanina. Di nun . . . talagang nagbunsod pa ’yun ng lakas ng loob sa mga alagad, at sa iba pa. Haya’t may bagay silang dapat gawin. Doon nga’y, humayo sila, sa abot ng makakaya nila, ipinapangaral ang Ebanghelyo. Heto nga sina Pedro at Juan, dalawang mangmang, na di nakapag-aral na mga kalalakihan, dumaan noon sa pintuang-templo na tinawag na Maganda. Grabe!

<sup>61</sup> Sabi nung diyablo, “Buweno, ngayon, nangangaral lang naman sila, kaya walang magiging perwisyo.” Tapos, lahat ng mga tao roon ay naniwala sa pangangaral, at lahat na.

<sup>62</sup> Pero nung papadaan na sila roon sa pintuang-templo na tinawag na Maganda, naroon ang isang lalaki. Sabi ng Espiritu Santo, “Pedro, ang lalaking ’yan ay maaaring mapagaling. Siya nga’y may pananampalataya.” Noong matalos nung alagad na ’yung lalaki ay may pananampalataya para gumaling, ang sabi niya, “Tumayo ka.” At inalalayan niya siya, at hinawakan lang siya hanggang sa ’yung mga buto niya sa bukong-bukong ay nakatanggap ng kalakasan. At ’yung lalaki’y humayo na, na patalon-talon at palundag-lundag, at pinupuri ang Diyos. Alam n’yun ba? Yung bagay na ’yung ay nagdulot ng higit na perwisyo kaysa sa lahat ng mga pangangaral na ginawa nila.

<sup>63</sup> Kapatid, subukan n’yo lang na hayaan na may bagay dito sa panig ng kababalaghan na magpasimula, at masdan n’yo nga kung papaanong ang bawat mabangis, na aso ng impyerno’y, haya’t sumusugod na kumakahol dun sa tao, na masidhi ang pananabik sa dugo nung tao. Tama po ba? Totoo.

<sup>64</sup> Sinasabi ko nga sa inyo, nangaral si Pedro noong Araw ng Pentecostes, at tatlong libong mga kaluluwa ang naligtas. Yung diyablo nga’y di man lang nainggli sa pinagkakanlungan niya. Siyanga. “Oh, buweno, hayaan n’yo lang sila.” Kita n’yo?

<sup>65</sup> Pero nung napadaan ’yung alagad dun sa pintuang-templo na tinawag na Maganda, nung sumunod na araw, at pinagaling ’yung lalaki, at ito nga’y pilay na noon pa man sa sinapupunan ng nanay niya, at heto’t ang buong impyerno’y nagkumahog na sumugod dun sa alagad. Siyanga. Itinapon siya sa may piitan at kinulong siya roon nang buong gabi. Siyanga, po. Ipiniiit siya sa bilangguan, sa pinaka loob na selda mismo roon, dahil dun sa kababalaghan. Sabi nung diyablo, “Di ko puwedeng hayaan lang ang bagay na ito na magsimula ngayon, ’yang Makalangit na pagpapagaling. Dahil kung magpapatuloy sila, tiyak na matitibag nila ang kumpiyansang kinatatayuan ko.” Siyanga. “Dahil, puwede kong malinlang ang mga tao, na bilugin sila, gamit ang munting teolohiya, paminsan-minsan. Pero di ko

sila kayang linlangin sa tunay na Bagay na 'yan na lumitaw, at nakita mismo ng mga tao na nangyari talaga ito. Susupilin ko ito bago pa dumating sa—sa eksena 'yung iba pa sa grupo.”

66 Di niya 'yun nagawang supilin noon. Di niya rin masupil ngayon. Siyanga. Ang Ebanghelyo ng Diyos ay uusad, nang uusad, nang uusad, nang uusad. At sa panahon na wala nang langit o wala na ring lupa, ang Salitang 'yun ay mananatili pa rin. “Mangyaring ang kalangitan at lupa ay lilipas, subalit ang Aking mga Salita ay di kailanman lilipas.” Hinding-hindi Ito lilipas. Ang mga Salita na 'yan ay walang kamatayan kung papaanong ang Diyos Mismo ay walang kamatayan. Hinding-hindi Ito lilipas. Sinasampalatayanan ko nga ang bawat Salita Nito. Lahat ng mga bagay kung papaanong ganoon noon si Jesus, ay Siya pa rin mapasa hanggang ngayon, at mapapasa ganoon sa tuwina. Ganoon nga. Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

67 Yung siya ring Espiritu Santo na bumaba nung Araw ng Pentecostes ay ang siya ring Espiritu Santo sa panahon ngayon. Masasabi ko nga na Ito'y niyuyurakan, nililibak, minamali ang paliwanag, nililihis ang pagkakalahad, at lahat na ng kagaya nun; ang diyablo nga 'yan, na namemeke. Pero may tunay, na totoong bautismo ng Espiritu Santo, na nagbubunsod ng siya ring mga resulta na tinamasa nila noong Araw ng Pentecostes. Siyanga.

68 Tunay, ang diyablo'y nagtayo siya ng mga matatandang panaboy ng ibon sa dako roon. Sinasabi ko nga sa inyo ang Katotohanan. Sa tuwing may makikita kayong panakot ng ibon sa isang dako, alalahanin n'yo, may kung anong bagay nga na mainam sa paligid lang nun. Totoo 'yun. Siyanga. Di nga kayo makakakita ng panakot ng ibon sa luma ng mga pinya. . . o ang ibig kong sabihin, sa paligid ng nasisira nang mga mansanas. Naglalagay nga kayo ng panakot sa tabi ng naglalakihang mga bungangkahoy na matatamis, dun n'yo nga makikita itong mga panakot ng ibon, para matakot sila't tuluyang lumayo. Ang diyablo nga'y naglalagay ng panakot ng ibon sa buong paligid, ng tunay na mainam na Espiritu Santong relihiyon, sa abot ng makakaya niya na mailagay dun. Dahil, sa malapit ay naroon si Jesus Cristo, ang nabuhay na mag-uling Anak ng Diyos, taglay ang Kanyang walang kamatayang Kapangyarihan, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen! Ang ibig sabihin nga nito'y “siya nawa.” Buweno.

69 Ngayon, nasumpungan natin, ipinasok nila ang mga alagad dun sa kaloob-loobang bilangguan. Nung kinaumagahan, sila'y hinagupit nang husto, at pinalayas na sila.

70 Ngayon nasaksihan nga natin si Pedro, kaninang umaga, na nakatayo roon sa kalagitnaan nila, dito sa ika-4 na kabanata. At sabi niya, “Aba, kayo na mga kalalakihan ng Israel, at kayo

na mga nakatira sa Judea! Ito nga'y mapag-alaman n'yo. Si Jesus ng Nazaret, ganoon na lamang na Kanyang pinatunayan na Siya'y Tao ng Diyos. Lahat ng mga tanda't kababalaghan na ipinangyari ng Diyos sa pamamagitan Niya, ay nagpapatunay na Siya'y Tao ng Diyos." Napagkikilala nga nila na Siya ang Tao ng Diyos. At tapos ang sabi pa niya, "Kayo, na masasama ang mga kamay, ay ipinako sa krus at pinatay ang Prinsipe ng Buhay; na ibinangon ng Diyos, at kami'y mga saksi nito."

<sup>71</sup> Sabi, "Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang Pangalan haya't ang taong ito'y pinagaling." Sabi, "Kung kami ma'y siyasatin sa araw na ito dahil sa mabuting gawa na aming ginawa, mapag-alaman n'yo nga, at ng buong sambahayan ng Israel, na sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo haya't ang tao na ito'y pinagaling."

<sup>72</sup> Nung sila'y siyasatin, "Anong—anong grupo ng relihiyon ba sila kabilang? Sa ilalim ba ng ano sila naordenahan? Sa anong sementeryo ba sila nanggaling?" O parang ganun, "Saan ba nanggaling ang lahat ng mga ito? Saan kayo nakakuha ng kapahintulutan para gawin ito? Ipakita n'yo sa amin kung anong grupo ba 'yang kinakatawan n'yo, para makasangguni kami sa mga matatanda't malaman namin kung para saan itong mga ginagawa n'yo. Ganoon, nga. Gusto naming malaman kung anong katuruan ng iglesia't anong uri ng hidwang katuruan itong pinalalaganap n'yo rito. Saan ba kayo nanggaling?"

<sup>73</sup> Sabi ni Pedro, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanyang Pangalan, haya't ang lalaking ito'y pinagaling." Amen.

<sup>74</sup> At wala nga silang maipintas dun na anuman, dahil 'yung mismong lalaki'y nakatayo roon, at kilala nila ang lalaking ito. Amen. Amen.

<sup>75</sup> Pansinin, tingnan n'yo itong sinabi niya rito ngayon.

*At siya ang bato na itinakuwil ninyo na mga nagtayo ng bahay, . . .*

*At sa kanino mang ibang pangalan ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat ninyong ikaligtas.*

<sup>76</sup> Oh, ang pagtakuwil sa Bato! "Itinawukil ang Bato." Bakit? Noong itayo nila noon ang templo ni Solomon. . .

<sup>77</sup> Gusto ko pong pansinin n'yo ang isang napaka gandang larawan dito. Noong humayo sila upang itayo ang templo ni Solomon, 'yung mga bato'y tinaggpas nila, mula sa isang lugar, at ibang lugar, at ibang lugar. Ang ilan sa mga ito'y tinapyas nang *paganito*, ang ilan nama'y *paganoon*. Pero sabi nga ng Biblia, na, nung paglapat-lapatin ang mga 'yun. . . Inabot ng apatnapung taon, sa pagkakaalam ko, bago tuluyang naitayo ang templo. At

wala ni langitngit man ng lagare, ni tunog man ng martilyo, sa loob ng apatnapung taon na 'yun. Yung mga bato'y lumapat sa isa't isa, bato sa bato; ang tanging ginawa lang nila ay maglagay ng kaunting pangsego sa buong ibabaw nun at ilapat ang mga 'yun. At lapat na lapat 'yun, bato sa bato, bato sa bato. Isipin n'yo nga 'yun.

<sup>78</sup> Ngayon heto po ang nabubulay ko sa bagay na 'yan, mga kapatid. Noong ang . . . Yung templo na 'yun ay sumasagisag sa Templo, na espirituwal, itong Templo na ito na kinalalagyan natin. Ang mga tao'y nagtutungo noon sa templo para sa pagpapala. Tayo nama'y binabautismuhan papasok sa Templo ng Diyos, papasok sa Katawan ng Diyos, papasok sa Katawan ni Jesus Cristo. At tayo'y nakay Cristo na, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo; Unang Mga Taga-Corinto 12. "At ngayon na'y wala nang anumang hatol sa mga nakay Cristo Jesus," Roma 8:1, "na di lumalakad ayon sa laman, bagkus ayon sa Espiritu." Ang hangad ng mga taong ito'y espirituwal na mga bagay. Di nila binibigyang pansin ang mga bagay sa laman.

Sasabihin ng laman, "Pagod na pagod na ako.

<sup>79</sup> Sasabihin naman ng espiritu ko, "Di ka pagod. Ako ang Boss mo. Sundan mo Ako." Amen.

<sup>80</sup> Tingnan n'yo po 'yung isang kaso roon, at sinasabi na nung doktor, "Alam na alam mo na ang kasong ito'y di na gagaling. Ang kasong ito'y wala nang patutunguhan." Tiningnan ko nga 'yung babae, sabi ko, "Tama po."

<sup>81</sup> Pero heto nga ang Espiritu Santo na dumating at nagbigay ng isang pangitain, sabi, "Gagaling ito." Pagkatapos ang sabi ko, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang lalaking ito ay mabubuhay."

<sup>82</sup> At di na tayo lumalakad ayon sa mga bagay sa laman. Tayo nga'y lumalakad na ayon sa mga bagay sa Espiritu. Siyanga.

<sup>83</sup> Ngayon, noong ang mga batong ito'y ipaglapat . . . Tinapyas sila, mula sa iba't ibang panig ng mundo, sa iba't ibang dako. Yung kahoy at 'yung . . . Ibinaba mula sa matataas nilang cedro doon sa Libano, tinabas at dinala sa Joppa, gamit ang kartilya ng baka, at ikinarga dun, sakay ng kung ano, sakay ng bangka, hanggang sa makarating na sila't gagawin na nila 'yung—'yung templo. Pero nung dumako na sila roon, walang . . .

<sup>84</sup> Gusto kong pansinin n'yo ito. Yung isang bato'y tinapyas nang *paganito*, tinapayas naman 'yung isang bato nang ibang paraan. Marahil, nung tinatapyas nung mga taga-tapyas ang mga bato na 'yun, ang mga taga-tapyas ay marahil nagtatalo't nagbabangayan pa, at lahat na.

<sup>85</sup> Katulad na lang ng ginagawa ng ilan pong mangangaral sa panahon ngayon, "Ako'y Methodist. Ako'y taga-church of God. Luwalhati sa Diyos, kasapi ako sa Assemblies. Ako'y *ganito*."

Lagi kayong nagbabangayan. Pero, alalahanin n'yo, ang Diyos dapat ang Siyang gumagawa ng pagtatapyas.

<sup>86</sup> At hayan nga na ang isang ito'y *ganito* ang pagkakatapyas, at 'yung isa nama'y *ganoon*, di nga sila magkaunawaan. Pero nung kanilang paglapat-lapat in ang mga 'yun, naroon nga ang mga 'yun na nakakalat sa lapag. At pinagbuo-buo nila 'yun, bato sa bato sa bato, at di na pala nila kailangang tapyasan pa ang mga 'yun.

<sup>87</sup> Naniniwala ako, isa nga sa mga maluwalhating araw na ito, kapag itong pinagkaisang kompederasyon ng kaiglesyahan ay nagsama-sama, at ang bagong papa ay pauusbungin mula rito sa Estados Unidos at iluluklok doon ayon sa propesiya, haya't sa ganyan nga'y bubuun na nila ang larawan ng hayop. At sinasabi ko nga sa inyo, ang tunay na Iglesia ng Diyos ay mapuwersang magsama-sama. Ang mga tunay, na totoong mga mananampalataya ay lalabas galing Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, Nazarene, Pilgrim Holiness, kung ano man sila, sila'y lalabas na sama-sama, at sesementuhin ng pag-ibig ng Diyos, na bubuo sa Katawan ng Panginoong Jesus Cristo, lahat mismo ng mga mananampalataya. At ang mga di nananampalataya't mga mabababaw ang pag-iisip ay iwan sa isang gilid; sila'y pupunta sa kompederasyon ng mga iglesya.

<sup>88</sup> At nabasa ko nung isang araw, na maging 'yung Assemblies of God ay nagtungo na sila mismo sa kompederasyon ng mga iglesya. Oh, naku! Nagawa na nilang itakuwil ang ebangheliko nilang turo't aral, sa pagtungo nila roon. Siyanga. At lahat ng mga pentecostal nilang mga tanda't kababalaghan, prinsipyo, kinailangan nilang itakuwil ang mga 'yun, para makasapi sa kompederasyon ng mga iglesya. Kinailangan nilang itakuwil, oh, kapatid, upang magkaroon ng pagkakilala.

<sup>89</sup> Mas nanaisin ko pa, katulad ng nabanggit ko na nang maraming beses na, na humiga sa tiyan ko at uminom ng tubig sa gripo, at kahit soda kraker lang ang kainin, at mayroong pagkakakilanlan sa Diyos, at maging Kanyang lingkod ng Diyos; kaysa sa makamit ang pinaka mainam sa dako rito, na maibibigay ng sanlibutan, tapos ikokompromiso ko lamang ang pananampalataya ko sa Panginoong Jesus Cristo at sa Kanyang Biblia. Naniniwala po ako na *Ito* ang di nabibigong Salita ng Diyos, at bawat Salita Nito ay tama. Siyanga, po.

<sup>90</sup> Ngayon titingnan po natin kung ano bang ginawa nila dun. Kanilang itinakuwil. . . Nagsama-sama sila, inilapag nila roon ang kani-kanilang mga bato. At dumating sila sa isa roon, na sa tingin nila'y kakatwa raw 'yung itsura nung bato. Di raw nila magagamit 'yung bato na 'yun. Sabi, "Walang paggagamitan ang bato na 'yan." At sinipa lang nila 'yun, doon sa bunton ng damo sa kung saan. Di nila raw 'yun magagamit. Kakatwa ang itsura nun. At nung sinusubukan na nilang itayo ang gusali nila. At



dumating sila sa punto, na haya't nailapat na nila ang lahat ng mga bato, at inilapat ang mga 'yun nang *paganito* sa gawi rito. Dumating sila sa punto, na haya't wala nga silang makitang bato para mailagay sa panulukan. Haya't nagpatuloy sila sa pagtayo at pagtayo at pagtayo. At hanggang sa ganoon na lamang ang kayang maging sukat nung gusali, di na 'yun puwedeng ituloy pa, dahil kailangan nila ng panulukang bato, pero wala naman silang mahanap. Inisa-isa na nila 'yung lahat ng mga bato dun, sinisikap na makahanap ng panulukang bato. At mabuti na lang kanyo, may nagpunta dun sa may bunton ng damo. At 'yung bato na 'yun na tinanggihan nila ay yaong pangunahing panulukang bato pala.

<sup>91</sup> At ganoon na ganoon ang kalagayan ngayon, mga kaibigan. Ayos lang naman ang iglesyang Methodist. Ayos lang ang iglesyang Baptist. Ang iglesyang Presbyterian, ang Pentecostal, ang Nazarene, ang Pilgrim Holiness, anuman sila, ayos lang sila. Pero ang mahalagang bagay nga rito, kapatid, itinatakuwil nila ang tunay na Panulukang Bato. [Kumakatok si Kapatid na Branham nang limang beses sa pulpito—Pat.] Yan ang dahilan kung bakit di lumalaganap ang Ebanghelyo sa buong mundo, sa mga kapangyarihan ng mga tanda't pagpapamalas, ay dahil ang ginawa ng mga denominasyon ay kumalas sila sa pinaka Kapangyarihan ng kababalaghan, na ang sinasabi pa, “Lipas na ang mga araw ng mga himala. Walang ganyang bagay na sinasabi nilang Makalangit na pagpapagaling. Walang ganyang bagay na sinasabi nilang pagsasalita ng iba't ibang wika. Wala ngang ganyang bagay na sinasabi nilang sobrenatural. Doon lamang 'yan noon sa panahon na nagdaan.”

<sup>92</sup> At malalaman n'yo na lang, kapatid, na, bawat isa sa kanila na 'yan ang ginawa, haya't naimbak na lamang sila sa istante. Sila'y mistulang naging organisasyon na lang ng pakikisapi. Sila'y mistulang naging grupo na lang ng mga nakikianib, siyanga, haya't ang sabi ng Biblia, “May anyo ng kabanalan, pero tinanggihan ang Kapangyarihan nito; anupa't sa ganoon ay magsilayo kayo.”

<sup>93</sup> Pero heto nga ang mga iglesyang ito, natuklasan nila, lahat ng mga denominasyon na ito na pinagsikapan nilang itayo. Di nga nila kayang magtayo na di mismo kalakip si Jesus Cristo at ang katuwiran. At kung tinanggap n'yo nga si Jesus Cristo, at sasabihin naman n'yong ito'y kabaliwan. . .

Sasabihin, “Oh, tinanggap ko na si Jesus.”

<sup>94</sup> Kung totoong natanggap mo si Jesus, natanggap mo ang Bagay na ito na magsasabi sa inyo, na, “Itong Salitang ito ng Diyos ay kinasihan; at Siya'y ang siya ring Panginoong Jesus, sa gabing ito, na ipinamamalas at ginagawa ang siya ring mga bagay na Kanyang sinabi na Kanyang gagawin,” o kung hindi'y di mo talaga natanggap ang Panginoong Jesus. Ang natanggap

mo lang ay kung anong teolohiya, at hindi ang Panginoong Jesus. Dahil kung si Jesus ay tunay na napadako sa iyong puso, may bagay nga na dapat mangyari, na sasampalatayanan mo ang lahat ng sabihin ng Diyos.

<sup>95</sup> Di lang 'yun, pero kumbinsidong-kumbinsido ka na Ito'y ganoon talaga mismo. Lahat ng mga diyablo sa impyerno'y di nila kayang ligligin Ito palabas sa inyo. Aba, hayan nga't, sinasampalatayanan mo kasi Ito. Diyos mismo ang nagsabi, at 'yun na 'yun. Kapag GANITO ANG SABI NG PANGINOON, itaya mo talaga ang lahat ng pag-asa mo roon. Sa mabuhay o sa mamatay, sasampalatayanan at sasampalatayanan mo talaga Ito, ano't anuman. Handa kang tatakan ang iyong patotoo ng iyong dugo, anumang oras, dahil sinasampalatayanan mo na Ito'y Katotohanan. Alam na alam mo na Ito ang Katotohanan, dahil Diyos na mismo ang nagsabi. At may kung anong Bagay sa loob mo na alam na alam mo na Ito ang Katotohanan.

<sup>96</sup> Pero, ngayon, kung nakasalig lang kayo't sumisilip lamang sa kung anong pang-edukasyon na pagsilip, at, aba, talagang kukuwestyunin n'yo *Ito* at kukuwestyunin *Iyon*, at sasabihin, "*Ito'y* hindi ganito, at *Iyon* ay hindi ganoon. At di namin *Ito* sinasampalatayanan, at di namin *Iyon* sinasampalatayanan." Alam n'yo, kinukuwestyon. Sasabihin n'yo, "Oh, buweno, di ko talaga masampalatayanan ang bagay na *Iyan*." Marahil umabot na kayo sa kalagayan nung mga nasa New Albany, ngayong gabi; kumukuwestyon laban sa Diyos. Bakit ganoon?

<sup>97</sup> Pakinggan n'yo po ang iba pang ito, at tingnan n'yo ang uri ng pananalangin na ipinapanalangin ng mga tao noon. Sabi:

. . . *Bakit ang mga bansa ay nangagugulo, at ang mga bayan ay nangagaakala ng walang kabuluhang bagay?*

. . . tunay Panginoon, . . . ang iyong anak na si Jesus.

. . . *at ipagkaloob sa iyong mga alipin. . . .*

<sup>98</sup> Noong manalangin sila na magkakalakip, sabi:

. . . *ipagkaloob sa iyong lingkod, na . . . salitain—salitain ang Salita ng Diyos ng buong katapangan,*

*Sa paguunat ng kamay ng iyong anak, na si Jesus, para pagalingin ang maysakit; . . .*

<sup>99</sup> Amen. Tulungan nawa tayo ng Diyos na magkaroon ng gawain ng pananalangin na katulad nun! At nung sila nga'y nanalangin na, nayanig ang gusali kung saan sila nagtitipon na magkakasama. Oh, grabe. Yan na 'yan ang kailangan natin sa gabing ito, mga lalaki't mga babae na nagkakaisa ang puso at naglalakip na iisa, gaya nila noon. Di nga nila pinapansin 'yung *ganito* at *ganoon*, o kung ano pang iba, bagkus kayo'y babad na babad kay Cristo Jesus. Nakatayo ang aking pag-asa sa wala nang hihigit pa kundi sa katuwiran ni Jesus at Kanyang Dugo. Sumikat man ang araw kinabukasan, o di man; pagbubuklurin

natin ang ating mga sarili na magkakalakip sa isang panata, sa harap ng Diyos, na paglilingkuran natin ang Panginoong Jesus at lalakad sa Kanyang yapak, anuman ang kaukulang halaga. Mangyaring masusumpungan mo ang isang iglesya na patuloy na umuusad. Amen. Sabi:

*At sa kanino mang ibang pangalan ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang—ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat ninyong ikaligtas.*

<sup>100</sup> May isa pong munting ginang na dumadalo sa iglesyang ito, di po siya miyembro rito. Isa siyang Methodist, pero iniibig niya tayo. At dumadalo siya rito sa iglesya.

<sup>101</sup> At may isa pang ginang na ang sabi, “Saang simbahan ka dadalo?” Tinawag siya. Narinig ko po ito. Sabi, “Saan, saang simbahan ka dadalo?”

Sabi, “Sa Branham Tabernacle ako dadalo.”

<sup>102</sup> Sabi nung isa, “Ibig mo bang sabihin magpupunta ka roon at makikinig ka sa ganoong klase ng Doktrina, na uupo ka na Ganoon ang mapapakinggan mo?”

Sabi, “Anong klaseng Doktrina?”

<sup>103</sup> “Buweno, masyado nilang ipinagmamalaki si Jesus; ’yung tungkol sa pagbabautismo, ginagamit ang Kanyang Pangalan sa pagbabautismo, ginagamit ang Kanyang Pangalan sa lahat.”

<sup>104</sup> Pero sinabi na mismo ng Biblia, mga kapatid ko, “Walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat n’yong ikaligtas.” Tunay.

<sup>105</sup> Sinasabi ko sa inyo, kapatid, hindi ko—hindi ko ugali ang makipagbangayan. Pero gusto kong makita ang sinuman, saan man, ano mang oras, sa pamamagitan ng Biblia, na patunayan na Ito’y hindi tama. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang limang beses—Pat.] Siyanga. Anuman ang sabi-sabihin nilang, “Mga baliw kayo,” at lahat na; di ’yun makaka apekto.

<sup>106</sup> Nakatayo ako sa isang tindahan ng mga aklat, isang araw, kung saan bibili ako ng ilang aklat. At sabi nung binibini dun, “Wala na akong ganyan sa mga istante ko. Ubos na ’yung benta kong ganyan.” Sabi, “May isang ginang na dumating doon at binili niya lahat.” Mayroon siyang pito nun, at itong ginang na ito’y binili ’yung lahat. Sa palagay ko’y gusto lang niyang mawala ’yun dun. At doon nga’y. . .

<sup>107</sup> May napag-usapan kaming paksa tungkol sa Makalangit na pagpapagaling. May dalawang mangangaral dun na nakatayo na mga Methodist, at may isang Presbyterian. Yung Methodist na mga mangangaral, at ’yung Presbyterian na mangangaral, sila’y susog sa akin. Sabi, “Tama ka.” Noong umalis na ako, di ko lang alam kung anong. . . Naroon nga noon si Kapatid na Shire, nung

oras ding 'yun. Pumasok din noon si Kapatid na Creech, nung oras ding 'yun.

<sup>108</sup> Nung pumasok na sila roon, at nagsimulang maglibot-libot sa dakong 'yun nang kaunti, 'yung mangangaral na Methodist siya'y lumakad papunta sa akin at inilagay ang mga kamay niya sa balikat ko. Sabi niya, "Kapatid na Branham, nung wala ka pa't batang-bata ka pa, saksi ako nung minsang umakyat ka sa may poste, na may suot-suot na mga botang de espuwela, at marumi ang iyong mukha." At sabi, "Alam ko na nangangaral ka tungkol sa Makalangit na kagalingan. At ang kaawa-awa kong matandang nanay ay nakaratay roon, may sakit sa bato. Yung sakit nga'y di gumaling-galing. Nakaratay siya roon, halos mamatay na. At dumating ka noon at hinubad mo 'yung bota mo't mga gamit, at lumuhod sa sahig at nanalangin para sa nanay ko. Sanglinggo lang pagkatapos nun, idineklara ng doktor na ganap na siyang, magaling." Sabi, "Dalawampu't tatlong taon na ang nakalilipas mula noon, at siya'y ganap na maayos na maayos ang lagay at magaling na ngayon. Di ko alintana kung anuman ang sabihin ng iglesya ko, o anupaman; nananampalataya ako!" Hallelujah! Hayan nga ito.

<sup>109</sup> "Sa ibabaw ng batong ito'y itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y di magsisipanaig laban Dito." Mga panahon nga'y darating at lilipas, at mga bagay-bagay ay magbabago, pero ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo ay mananatili na ganoon pa rin sa lahat ng mga kapanahunan nang walang katapusan.

<sup>110</sup> "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang Aking Iglesya." Ano 'yung Iglesya na 'yun? Ano 'yung bato na 'yun?

<sup>111</sup> Tanungin n'yo ang iglesyang Katoliko. Sasabihin nila, "Isa 'yung malaking batong nakahimlay roon. Ang iglesya Katoliko, na ang pamunuan ng iglesya ay nakalagak doon, ngayong gabi, sa ibabaw ng batong ito, na nagbibigay ng mga kapangyarihan sa iba pang mga iglesya, nagpapatawad sa mga kasalanan." Yan ang pagkakahulugan ng Katoliko.

<sup>112</sup> Kung sisiyasatin n'yo pa't, tatanungin n'yo ang Protestante, sasabihin, "Ano 'yung bato na 'yun?"

<sup>113</sup> Sasabihin nila, "Yun si Jesus Cristo, ang bato." Oh, kapatid!

<sup>114</sup> Ano bang sinabi ni Jesus tungkol dun? Sinabi ni Pedro. . . "Ano ang sabi n'yo kung sino baga?" Sabi Niya, "Ano ang sabi n'yo kung sino Ako?" Hindi Niya sinasabi kung sino Mismo Siya. Ang sabi Niya, "Ano ang sabi n'yo kung sino Ako?"

"May ilan na nagsasabing Ikaw daw si 'Moises,' at may ilan na nagsasabing Ikaw daw si 'Elias.'"

"Pero ano ang sabi n'yo kung sino baga?"

Sabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."

115 Sabi Niya, “Pagpalain ka, Simon Bar-jonas, sapagkat di ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo. Di mo tinanggap ang teolohiya ng kung sinong tao lang tungkol dito. Di mo ito natutunan mula sa kung anong seminaryo. Kundi ang Aking Ama, na nasa Langit, ay inihayag ito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito. . .” Hallelujah! Anong bato? Ang espirituwal na kapahayagan ng Diyos na inihayag ang Kanyang Sarili sa isang indibiduwal. Hallelujah! “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno ay di magsisipanaig laban Dito.”

116 Kapag ang isang tao’y naipanganak talaga sa Espiritu ng Diyos, at mula sa pinaka tuktok na anit sa ulo niya hanggang sa pinaka dulo sa ibaba ng mga kuko niya sa paa, siya’y binago sa pamamagitan ng Kapangyarihan na pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo. At ang sarili niyang mga pansarili lang na mga ideya’y pumaram na, at ang Diyos ay may ganap nang pagkontrol sa tao na ’yun. Sasampalatayanan niya mismo ang bawat nakasulat na Salita ng Panginoong Jesus Cristo, at ’yung mga ’yun ay kanyang ipamumuhay.

117 “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y di makapapanaig laban Dito.” Amen. Tunay na mapupuspos ka talaga riyon, di po ba? Tunay nga!

*Ito ang bato na itinakuwil ninyong mga nagtatayo ng bahay, . . .*

*At sa kanino mang ibang pangalan ay walang kaligtasan, kundi sa Pangalan na ito ng Panginoong Jesus; . . .*

118 At sinabi rito ng Biblia, na:

*. . . kanilang natalastas na sila’y mga mangmang at walang pinag-aralan. . .*

119 “Sa anong eskuwelahan sila nanggaling? Haya’t grupo lang sila ng mga hangal na bigla na lang sumulpot dun. Buweno, sino ba itong grupo na ito ng mga mangmang, mangmang at walang pinag-aralan? Buweno, ang mga taong ito’y di man lang nila kabisado ang kanilang ABC. Buweno, tingnan n’yo nga ’yung lingguwahe na ginagamit nila. ‘Het, at hain’t, at ain’t, at tote, at fetch, at perish.’ Ano bang klaseng—ano bang klase ng mga tao ang mga ito? Aba, sa anong seminaryo ba kayo galing? Ikaw ba’y si Doktor sino kamo?” Kita n’yo?

*. . . pero nangagpakilala nila mismo, na nakilala nila na sila’y nangakasama ni Jesus.*

120 [Kumakatok si Kapatid na Branham nang apat na beses sa pulpito—Pat.] Yan ang pinaka mahalagang bagay, kapatid. [Ipinapalapak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses.] Di man makilala ang pagkakaiba ng

butil ng kape sa butil ng sitaw; kung napagkikilala mo ang Panginoong Jesus Cristo, at ang Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, haya't mas nanaisin ko na 'yun ang taglay ko kaysa sa anupamang ibang bagay. Siyanga, po. Oh, grabe! Diyos, iangkla Mo po ako roon!

Iyong ihimlay ako sa ilalim ng Punongkahoy.  
Kung saan ang balon ay malayang dumadaloy,  
Kung saan Liwanag yaring Cordero,  
At ang kaluluwa ng ligtas ay di kailan lilipas.

<sup>121</sup> Iyo pong itulot na umangkla ako roon! Oh, ang ganda, ang ganda! Iyo pong itulot na makaupo ako roon sa ilalim ng di pumupusyaw na nagluluntiang mga Punongkahoy, kapag ang paglalakbay na ito sa lupa ay tapos na. Oh!

Huwag mong hangarin itong walang  
kabuluhang yaman ng sanlibutan,  
Na anupa't napakadali namang pumaparam,  
Asamin mong makuha ang Makalangit na mga  
yaman, na kailan ma'y di sila paparam!

Sa kamay ng Diyos na di nagbabago halina't  
manghawakan tayo!

Sa Kanyang kamay na di nagbabago halina't  
manghawakan tayo! (Tunay.)

Sa panahong paglalalakbay natin sa wakas ay  
matatapos din,  
At kung sa Diyos kayong lahat ay nananatiling  
laging matapat,  
Maliwanag at masinag ang ating tahanan sa  
Kaluwalhatian,  
Na tiyak masisilayan ng ating mga kaluluwang  
may kagalakan.

<sup>122</sup> Isa sa mga gabing ito, o isa sa mga umagang ito, o isa sa mga hapon na ito, ang kaluluwa mo'y huhugutin mula sa iyong katawan, na parang binubunot na ngipin. Lumalakad ka nga sa marurupok na hibla na maaaring malagot na lang bigla ano mang oras. Pero ano bang ikinababahala ko? Ano bang dapat n'yong ikabahala? Haya't iaangat Niya ang tao sa mga pakpak Niya na walang hanggan. Kanyang sasaluhin siya, kapag ang kaluluwa ay humiwalay na roon. May Isa nga na tatayo sa dulo ng daan, napaka ganda, napaka ganda, na aakay sa kanya para makasampa siya't sasapuhin siya sa mga bisig Niya na walang hanggan, at dadalhin siya roon na makaalpas sa libis ng anino ng kamatayan, para iharap siya sa dakong ibayo, na walang maisusumbat at walang kapintasan, sa harap mismo ng Ama. Kaya bakit tayo mababahala? Bakit tayo mababahala sa anumang sabihin ng sanlibutan, na kesyo *ganito*, *ganoon*, o *ano pa*? Hangga't hawak-hawak ang kamay natin ng kamay ng Diyos na di nagbabago, anong ikababahala natin?

123 Sige't ang mga tao, ang lahat, mga lalaki't babae, mga bata, sige't lahat ng narito na di pa nakikilala ang Panginoong Jesus Cristo, ay sige't bigyan ako ng rason kung bakit di n'yo Siya paglilingkuran. Bigyan n'yo ako ng rason kung bakit hahayaan n'yo pang lumipas ang Paskong ito na di n'yo tinatanggap ang Panginoong Jesus Cristo. Itigil n'yo ang pag-iisip tungkol sa bagay na *ganito* o bagay na *ganoon*. Itigil n'yo ang pag-iisip kung "akin bang gagawin *ito* o gagawin *iyon*?" Tatanungin ko lamang kayo ng isang matatag na bagay, sumasampalataya na ba kayo sa Panginoong Jesus Cristo?

124 Kung tunay na nga kayong nananampalataya, patutunayan ko sa inyo sa pamamagitan ng Biblia na may Buhay na walang hanggan na kayo at di na mapapahamak. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." Hayan nga't sinalita ni Jesus Cristo ang mga Salitang 'yun! Hayan nga't sinalita ni Pedro ang mga 'yun, noong Araw ng Pentecostes! Hayan nga't sinalita ni Jesus ang mga 'yun, doon mismo sa San Juan 5! Hayan nga't sinalita nila, sa buong kabuoan mismo ng Biblia!

125 Binaluktot Ito ng tao, at hinaluan nila Ito, at pinagpipilitan na gawin 'yung *ganito* Rito, at gawin *ito*, na magbuo ng mga organisasyon at lahat na. May ilan pa nga sa kanila na ang sabi, "Oo, basta't maniwala ka lamang na Siya ang Panginoong Jesus Cristo, at umanib ka lang. Yun lang." Nakikita n'yo ang pakana na 'yan ng diyablo? May isang magsasabi, "Oh, kapatid, kami nga'y biglang nagalak, nagsisigaw kami." Nakikita n'yo ang pakana ng diyablo? May isang magsasabi, "Nakapagsalita kami ng iba't ibang wika, at kaya alam namin na nakamit na namin Ito." Nakikita n'yo na ang pakana ng diyablo? Ang mga bagay na 'yan ay ayos lang naman, pero di pa rin 'yan si Cristo. Siyanga, alam n'yo 'yan.

126 Kapag ang isang tao'y tunay, na lubos na nananampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, may Buhay na walang hanggan ang tao na ito, sa mismong minuto na manampalataya siya. Ganoon nga, sa mismong sandali na manampalataya ka! Sasabihin kasi ng buhay mo na mayroon ka na talaga. Ng buhay mo mismo!

127 At lahat ng mga bagay na 'yun ay magaganap. Lahat nitong mga bagay na ito, tulad nitong pagsigaw, at pagbubunyi, at pagsasalita ng iba't ibang wika, at pagpapagaling sa maysakit, at lahat ng mga kaloob na ito, at lahat, di nga sila nariyan dahil sa ginawa mo ito. Lalakip Ito sa inyo, na may tunay na tanda ng Diyos. Kita n'yo? Oh! "Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos, at ang Kanyang katuwiran, lahat ng mga bagay ay pawang idaragdag sa inyo."

128 Kapag naiisip ko ang sanlibutang ito na talagang pabagsak na! At sa pagtingin ko sa paligid haya't nakikita ko ang sulat-kamay sa pader, sa bawat bansa! Nakikita ko ang mga bomba

atomika na talagang nagbubunsod sa mga tao na manginig, na anupa't ang mga makapangyarihang mga lider at iba't ibang bagay. . . Dapat n'yo ngang mabasa kung anong sinasabi rito ng Pentagon, tungkol sa mga bagay na ito nagaganap na. Dapat n'yong makita kung sa ano na nga napapadpad ang bansang ito. . . Kapatid, hayaan n'yong sabihin ko mismo sa inyo ang isang bagay, nagpapakita lang tayo na animo'y malaki tayo't, mukhang malakas. Gayong, sa mismong kaibuturan ng bansa na ito, sila'y di magkandamayaw sa takot. Alam n'yo 'yan. Mas mabuti pa ngang aminin na ang katotohanan. At may rason naman talaga para kayo'y matakot.

<sup>129</sup> Haya't isang tao lang ang walang rason, na kahit ano, para matakot, 'yan ang lalaki o babae na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos. Yang bomba atomika nga'y tiket ng mananampalataya patungong langit. Hallelujah! Siyanga, po. Walang magagawa sa inyo ang kamatayan kundi. . . Ang isang iglap na kamatayan ay isang iglap sa Kaluwalhatian. Siyanga.

Itong balabal na laman ay aking ilalaglag,  
At ako'y titindig at aabutin ang gantimpalang  
walang hanggan,  
At magbubunyi sa ere sa aking pagdaan,  
“Paalam, paalam,” minamahal na oras ng  
pagdarasal.

<sup>130</sup> Paglisan! Ano bang ibig sabihin ng bomba atomika sa mga banal na ito na matatanda na't nag-uuban na ang buhok? Ang pagiging kabataang lalaki't kabataang babae muli! Anong ibig sabihin ng bomba atomika sa mga tahanan na ito, haya't sila'y lumisan na lahat, halos, at sila na lang ang naiiwan dito? Ang buong pamilya nga'y magsasama-sama muli! Luwalhatiin ang Diyos, kapatid! [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang isang beses—Pat.] Ano pang ibang bagay ang makakamit mo na hihigit pa rito? Samantalang may ganap na kasiguraduhan ka na sa iyong puso na nakalagak na roon sa ibayo sa Kalbaryo, na wala nang iba pang bagay sa sanlibutan ang makagagambala sa iyo, na magbabago sa iyo, na magliliglig sa iyo!

<sup>131</sup> Nakay Cristo Jesus ka na, nakaangkla patungo sa Kaharian ng Diyos, hanggang sa araw ng iyong Pagkatubos, na maiharap na walang bahid sa harapan Niya. Di nga ito dahil sa ginawa n'yo, “Kung—kung magagawa ko lang na tumigil sa *ganito*, at kung magagawa ko lang na tumigil sa *ganoon*.” Di nga ito sa bagay na ginawa n'yo. Ito'y nakasalig sa bagay na ginawa Niya para sa inyo. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan nang buong puso n'yo, nang buong kaluluwa n'yo, nang buong diwa n'yo?

<sup>132</sup> Noong humayo noon si Pedro, o ang ibig kong sabihin. . . si Felipe, noong humayo siya noon para bautismuhan ang bating.



Sabi nung bating, “Heto ang tubigan, anong makahahadlang sa akin na ako’y mabautismuhan?” Si Pedro . . .

<sup>133</sup> Si Felipe ang sabi niya, “Sandali lamang. Haya’t ikaw ba’y sumasampalataya na mismo nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong diwa mo! Sinasampalatayanan mo na ba Ito!”

<sup>134</sup> Sabi nung bating, “Sinampalatayanan ko, nang buong puso ko, kaluluwa, at diwa, na si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos.”

Inihinto ang karwahe; sa may tubigan, binautismuhan siya.

<sup>135</sup> Pagkatapos tinangay ng Espiritu Santo si Felipe na mawala sa harapan niya, na di na niya siya nakita pa. At dinala siya sa layong halos dalawang daang milya, at ipinuwesto sa dako na ’yun, at nagpasimula ng isang rebaybal uli. Siyanga. Siyanga. Oh, ang ganda! Na ang Diyos na buhay noong panahon na ’yun noon ay ang siya ring Diyos sa panahon ngayon.

<sup>136</sup> Kapag naiisip ko si Pablo na naroon noon sa isang barko isang gabi; wala nang kapaga-pagasa, na sila’y makaliligta pa. Yung munting lumang barko’y pinasok na mismo ng tubig, at kalunus-lunos na ang kalagayan nung barko. Wala nang pag-asa, bawat isa, sumuko na. At si Pablo ay nakaupo noon sa may palko nung gabing ’yun, nananalangin marahil.

<sup>137</sup> Dumating sa kanya ang Anghel ng Panginoon, na ang sabi, “Huwag kang matakot, Pablo. Huwag kang matakot, dahil dadalhin pa Kita sa harapan ni Caesar. Kinakailangan mo pang magpatotoo sa dako roon. At ibibigay Ko sa iyo ang bawat isa na lumalayag ngayon na kasama mo.”

<sup>138</sup> Nakikinita ko nga si Pablo na napatakbo sa may barko, at ikinaway-kaway ang munti niyang kamay, at napapahiyaw, “Hallelujah!” Napahiyaw, “Sandali lang, mga kapatid! Sandali lang!”

<sup>139</sup> Sabi nila, “Uh-oh, nabaliw na yata ang isang ito at wala na siya sa tama niyang pag-iisip.” Hayan nga. At lahat ng mga Doktor ng Dibinidad ay lumabas para makita kung ano bang nangyayari.

Sabi, “Magpakatag kayo! Magpakatag kayo!”

<sup>140</sup> Sabi, “Kawawang lalaki, nabaliw na siya roon. Hayan nga. Napahaba yata ang kanyang pag-aayuno. Kung anu-ano ang ginawa niya, at heto na nga siya ngayon na nababaliw na.”

<sup>141</sup> Sabi, “Magpakatag kayo! Dahil tumayo sa harap ko nung isang gabi ang Anghel ng Diyos, Na ako’y lingkod, na ang sabi, ‘Huwag kang matakot, Pablo, haya’t dadalhin ka pa sa harap ni Caesar. At, lahat nga, lahat mismo ng kasama mong naglalalayag ay ibinigay sa iyo ng Diyos.’” Sabi, “Mangyaring ang barko ay mapipinsala malapit sa isang isla, haya’t nakita ko ito sa isang pangitain. Anupa’t nanampalataya ako sa Diyos, na ’yun ay

mangyayari nang kung papaano Niya 'yun ipinakita sa akin." At nangyari nga, salita bawat salita bawat salita, nang eksakto. Siyanga.

<sup>142</sup> Ngayon, heto nga na gusto kong mapansin n'yo ang isang mumunting bagay rito, para makita n'yo 'yung kabilang panig dito, 'yung isang pagsilip dito. Tingnan n'yo. Noong subukan nung mga tao roon na ibaba 'yung mga bangkang pansagip at ibaba 'yun sa lubid, sabi ni Pablo, "Ang tanging paraan lamang para maligtas kayo ay manatili sa barkong ito." [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang makailang beses—Pat.] Kinakailangan n'yo ngang gawin ito ayon sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nagbigay na mismo ang Panginoon ng pangitain, pero kinakailangan nga itong magawa mismo ayon sa Kanyang paraan. At noong . . .

<sup>143</sup> Nagbigay ang Diyos ng isang huwaran, ng Espiritu Santong iglesya, kapatid, at kung papaano dadalhin ang bagay na ito palabas ng kaguluhan. Marahil kayo'y may apat na bigating personalidad, at mga pentagon, at lahat na nang nais n'yong magkaroon; magagawa n'yong mag-ordena ng mga iglesya't mga ministro, at gumawa ng teolohiya at aralan sila. Hinding-hindi 'yan uubra maliban na ang mga tao'y manumbalik muli sa Walang Hanggang daan ng Diyos, at tanggapin mismo ang bautismo ng Espiritu Santo; at humayo, na nangangaral, na kalakip ang mga tanda't kababalaghan na lumalakip sa pagmi-ministeryo nila. Hinding-hindi nga 'yun gagana kung di 'yun sa ganoong paraan. Ang Diyos ay may programa, kaya naman kinakailangan n'yong pumasok sa programa na 'yun.

<sup>144</sup> Oh Diyos, Iyo pong tulungan kami, sa gabing ito! Si Kapatid na Neville! Iyo pong tulungan kami sa gabing ito na amin itong masampalatayanan, 'yan po ang aming dasal.

<sup>145</sup> "Sapagkat walang kaligtasan sa iba pang pangalan, kundi sa Pangalan lamang ng Panginoong Jesus."

<sup>146</sup> Ngayon, na papalapit na tayo sa araw ng Pasko, at heto nga ang mga pali-paligid na napapalamutian ng mga Santa Claus sa halip na si Jesus. Ni di na nga nila 'yun binabaybay nang tama. "X-m-a-s." Di na nga nila binabaybay 'yung "Christ" sa Christmas. Nagsasabit sila . . . Aba, 'yung mga tao'y di na nila—di na nila naiisip 'yung kapanganakan o kung ano ba dapat, ni Cristo, na kung sa ano ba talaga dapat ito. Ang tanging bagay na naiisip nila, ay, napalitan na Ito ni Santa Claus. At sa halip na magbunyi sa ilalim ng Espiritu ng Diyos, lumalabas sila at nagpapakalasing at nagbubunyi. Kita n'yo? Yun ang naging pagkakaiba.

<sup>147</sup> Kaya, ano't anuman, kapatid na lalaki, kapatid na babae, di ko 'yan mapipigilan. Di n'yo 'yan mapipigilan. Sinabi na mismo ng Salita ng Diyos na ganyan ang mangyayari. "Ang mga tao'y magiging maibigin sa kalayawan, kaysa sa maibigin

sa Diyos.” Papaano n’yo ’yan masusupil? “May anyo sila ng kabanalan.” Bawat isa sa kanila’y nagpupunta ng simbahan. Siyanga, po. “May anyo ng kabanalan, subalit tinatanggihan ang Kapangyarihan nito; na anupa’t layuan n’yo ito.”

<sup>148</sup> Ako’y nagagalak ngayong gabi, Cristianong kabigan, na ako’y naritong kasama n’yo ngayong gabi. Galak na galak ako na ako—ako’y napagkalooban ng pribilehiyo na makapangusap sa inyo, nang buong puso ko.

<sup>149</sup> At ang buong puso ko’y nakabalot sa palibot ng Mensaheng ito. Naroon na ’yun mismo mula nung mismong araw na ibigay sa akin ng Diyos ang bautismo ng Espiritu Santo, dito mismo sa Jeffersonville, Indiana, noong sampalatayanan ko mismo ang Kanyang Anak, na si Jesus Cristo, at tanggapin Siya sa dako rito sa isang munti’t lumang silungan, bilang personal kong Tagapagligtas. At bumaba ang Panginoon sa akin nung gabing ’yun, at nagpaaninag ng Liwanag sa silid na ’yun. At tiningnan ko Ito, na ako’y anupa’t natakot na di nga ako makagalaw. Lumuhod sa isang lumang sakong lalagyan, doon sa dako ng Ohio Avenue. At nakita ko ang Liwanag na ’yun na nagporma itong krus, at may kung anong Bagay sa krus na nagsasalita sa akin. Mula nung gabing ’yun, ang aking pag-asa’y nakatayo na mismo sa wala nang iba pa kundi sa Salita ng Diyos, at kay Jesus Cristo at katuwiran. Doon nga ako nanampalataya, nang buong puso ko. Anuman ang dumaan, anuman ang dumating, anuman ang mangyari; nakaangkla pa rin ang pag-asa ko roon.

<sup>150</sup> At nagagalak ako, sa gabing ito, na narito ako kasama ang mga kasamahang tulad nito, na nananampalataya sa siya ring bagay na ’yun, na tinanggap ang siya ring Panginoong Jesus Cristo.

Sa mga taon, sa maraming panganib,  
pagpapagal at patibong sa daan,  
Lahat ng mga iyan ay akin na ngang  
naranasan;

Ako nga’y pinatanda na nito. Ako’y nalamatan. Ako’y natalupan.

Subalit biyaya ang siyang nagdala sa akin sa  
kaligtasan,  
Biyaya rin ang patuloy na magdadala sa akin  
sa walang hanggan.

Sa pagdako natin doon nang sampung libong  
taon,  
Pagsinag ay maliwanag na araw ang katulad;  
Panahon nati’y di iiksi sa pagbubunyi ng  
Kanyang papuri  
Anupa’t tayo’y laging parang nagpapasimula  
pa lamang.

<sup>151</sup> Noong makita ni Daniel ang pangitain tungkol dun, at ang sabi niya, “At gayon nga na sila na gumagawa ng kasamaan, ay gagawa ng kasamaan sa huling mga araw; ngunit sila na kilala nila ang kanilang Diyos ay gagawa ng kabayanihan sa huling mga araw,” tinutukoy ang panahon na ito. Alam n’yo ba kung ano ang “kabayanihan”? Kabayanihan ng pananampalataya, na magpapamalas ng mga tanda’t kababalaghan. “Subalit ang masasama ay patuloy na gagawa ng masama.” Sabi, “Tatakbo sila nang paroo’t parito, at ang kaalaman ay lalago. Pero,” sabi, “ang Aklat ay iyong sarhan, oh, Daniel. Magpapahinga ka sa iyong panahon, subalit titindig ka sa huling araw. At sila na mga pantas ay mangagbabalik ng marami patungo kay Cristo. Sila’y magniningning na parang mga bituwin sa langit, nang kailan-kailanpaman.”

<sup>152</sup> Apatnapung taon po akong pinagpira-pirasong marahil. Marahil tatlung taon lang ang aabutin para papaging ibang tao ka mula sa kung ano ka dati, nang *ganoon* na lamang kaikasing panahon. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang minsan—Pat.]

<sup>153</sup> Pero nagawa n’yo na bang tingnan ang tala sa umaga kapag ito’y sumisikat sa umaga? Nagawa n’yo na bang bumangon nang maaga’t tingnan ito na naroon sa ibayo ng himpapawid, kapag siya’y nagniningning at sumisigaw, at nagbubunyi sa himpapawid? Ni kailanman ay di nabawasan ni isang tuldok ang kanyang kagandahan. Ito’y nananatili pa rin kung gaano itong kaliwanag at kaganda gaya nung araw na una Niyang ilagay ito roon, na ilagay ito ng Diyos sa posisyon nito. Di nga ito nabawasan ng kanyang oras. At ito’y nakalagay roon nang libong makalibong ilang libong mga taon, at di nito nawaglit kailanman ang kanyang kagandahan.

<sup>154</sup> At sinasabi ng Biblia, “Sila na nangagbalik nang marami patungo sa katuwiran ay sisinag nang mas ibayong pagsinag kaysa sa mga bituwin, nang kailan-kailanpaman.” Hallelujah! Kapatid, napaka inam ngang bagay ang maging mangangaral, kung tutuusin. Di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siyanga’t, mainam nga. Mainam na bagay ang maging isang Cristiano.

<sup>155</sup> Mahirap man ang mga panahon. Di nga nangako ang Diyos ng mabulaklaking higaan ng kaalwanan, bagkus nangako Siya ng biyaya na sapat sa bawat pagsubok na maaaring tumama sa iyo. Ganoon nga. Oo, siyanga’t, sapat ang biyaya. Di nga ito na ang isang tao’y naroon sa bulaklak, mabulaklaking higaan ng kaalwanan, bagkus nangako Siya ng biyaya na pagtagumpayan ang bawat tukso. Kapag bumibigat ang krus, nangako si Cristo na sasama sa iyo. Siyanga, po.

156 Darating ang maluwalhating araw, kapag natapos na ang lahat, kakatagpuin natin Siya sa kapayapaan. Ipagkakaloob ng Diyos na bawat isa sa inyo ay tatanggap ng siya ring bagay.

157 Kung may di-manampalataya rito, sa gabing ito, kayo po'y manampalataya lamang sa Panginong Jesus Cristo; at sa mismong minuto na kayo'y manampalataya, patototohanan ito mismo ng Diyos. Tatatakan Niya kayo patungo sa Kanyang Kaharian nang magpakailanman. Kung may anumang bagay na kumakatok na sa inyong puso, at nararamdaman n'yo ito, at tatanggihan n'yo namang tanggapin ito, magiging miserable kayong lalaki at babae hanggang sa sabihin n'yo, "Siyanga po, Panginoong Jesus."

158 At nawa kayo, sa parating na sanglinggong ito, sa panahon na ito ng Pasko, na ang bawat isa'y masaya't nag-aawitan, sa isa't isa; nawa kayo, sa inyong mga bisig. . . Kagaya ni Simeon nang unang panahon, noong napakainam na panahon na 'yun ng Kapaskuhan, noong lumakad siya roon sa templo, at gamit ang malalakas niyang bisig, oh, kinarga niya ang Tagapagligtas sa kanyang mga bisig at niyakap Siya, ang sabi, "Panginoon, Iyo pong itulot na yumao na ang Iyong lingkod nang may kapayapaan, ayon sa Iyong Salita, sapagkat nakita na ng mga mata ko ang Iyong kaligtasan." Nawa kayo, na tinataglay ang mga bisig ng pananampalataya, ay gayundin, na sa Pasko na ito, ay di si Santa Claus ang yakapin, o anumang pagpapalitan ng regalo; bagkus magawa ninyong anyayahan at yakapin sa inyong puso, nang may mga bisig ng pananampalataya, ang siya ring Panginoong Jesus na kinarga noon ni Simeon nang maraming taon na ang nakalipas. At Kanyang pagpapalain kayo at pagkakalooban kayo ng Buhay na Walang Hanggan. At di na kayo mapapahamak pa, dahil nakamit n'yo na ang Buhay ng Diyos diyan sa inyo.

159 Alam n'yo ba kung anong ibig sabihin nung salitang. . . Di naman sa gusto nating magpakalalim sa mga bagay na Griyego. Kung tutuusin ay 'yung ganitong mga pagsasalita ay para lang sa mga taong nagsasalita ng mga bagay na Griyego. Di tayo nangungusap dito tungkol sa bagay na Griyego. Nangungusap tayo tungkol kay Jesus Cristo, sa tabernakulong ito. Di po tayo tumatayo rito na gumagamit ng engrandeng mga pananalita. Pumaparito tayo na walang anumang nalalaman kundi ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Pero ang mismong salita, sa salitang Griyego, ay ang ibig sabihin nun ay "Buhay na Walang Hanggan." Ang siya ring salitang Griyego, dito sa pagsalalin. . . Narito sa akin ang Hebreo at ang Griyego, itong dalawa, at pinag-aralan ko ito. Di po ako iskolar sa bagay na ito. May alam lang po akong kaunting salita, na ilang bagay na nakakatulong sa akin. Kapag may makikipagtalo, alam ko kung paano sila awatin dun. Hayan nga't kapag dumadako sa bagay na gaya nito, na kapag. . . Ang siya ring salitang Griyego

na nangangahulugan ng Buhay ng Diyos, ay pinakakahulugan ang siya ring Buhay na Kanyang ipinagkaloob sa inyo. At itong dalawang, salitang Griyego, ang salitang Buhay ng Diyos o Buhay na Walang Hanggan, ang pagkakabigkas nito ay *Zoe*. Z-o-e, *Zoe*, “Buhay.”

<sup>160</sup> “At lahat ng lalapit sa Akin, ay bibigyan Ko ng *Zoe*, Sarili Kong Buhay; bibigyan ng Sarili Kong Buhay, at di kailanman sila mapapahamak. At ibabangon Ko sila sa huling araw.” Sa madaling salita, “Bawat isa na lalapit sa Akin, siya’y ibibigkis Ko sa Akin.” Amen. “At siya’y magiging bahagi Ko. At di na siya mamamatay pa kung papaanong di Ako namamatay, dahil Ako’y imortal at di namamatay, at ang kanyang kaluluwa ay siya ring imortal at di namamatay. At ibabangon Ko siyang muli sa huling araw.” Hum! Oh, grabe!

<sup>161</sup> Kaya naman ibinubunsod tayo n’yan, na kapag ang mga dati nang pagsubok ay pahirap nang pahirap, sabihin, “Sa akin ay nananahan ang Espiritu ng Diyos. Walang bagay na mabuti sa loob nito pero Siya lamang ang nasa dakong ’yun. Di ko pagmamay-ari ang aking sarili; ako’y Kanya. Di ko asam ang mga bagay ng sanlibutan. Ang aking asam ay Siya, dahil ang aking mga pag-asa ay nakatayo sa Kanya. Darating ang araw na makikita ko Siya, at ’yun ang tanging bagay na asam-asam ko. Ang dahilan kung bakit ako nabubuhay, ay ang maka akay ng mga tao patungo sa Kanya.” At sinasabi ko mismo sa inyo, na ’yung mga lumang tanikala’y magsisilaglagan, at mag-uumpisa ka nang lumakad nang panibago, muli.

<sup>162</sup> Pagpalain kayo ng Diyos. Umaasa ako na sumasampalataya na kayo nang buong puso n’yo. Dumako na tayo sa panalangin:

<sup>163</sup> Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin, sa gabing ito, para sa Dugo ng Iyong matuwid na Anak, ang Panginoong Jesus. Ika’y pinasasalamatan ko, sa gabing ito, para sa Espiritu Santo, at para sa pagbisita Niya rito sa loob ng gusaling ito, na anupa’t narito sa dakong ito ngayon. Ang mismong Espiritu, ayon sa Salita ng Diyos na di nagkakamali at di nabibigo, ang siya ring Espiritu na nagbangon kay Jesus mula sa libingan, ay narito mismo sa kalagitnaan namin ngayon.

<sup>164</sup> Diyos, ang mga anak na narito, na di Ka nakikilala, nawa’y tanggapin na nila ito, ngayong gabi, at magsisampalataya na sa Panginoong Jesus Cristo, at magkamit ng Buhay na walang hanggan. Iyo pong ipagkaloob ito. Nawa’y manampalataya sila tungo sa walang hanggang Buhay, sa mismong oras na ito.

Iyo pong pagalingin ang mga may sakit at nagdadalamhati.

<sup>165</sup> Iyo pong alalahanin ang mga nangungulilang mga tahanan, Panginoon. Oh Diyos, at ang maparoon po sa palibot ng mga kabaong na ’yun, at marahil mga lalaki’t babae na di pa ligtas. Ano bang masasabi pa ng tao? At nalalaman naman na ang Ebanghelyo ay ipinangaral na mismo sa harapan nila, nang ilang

daan at daan-daang beses na. Oh Ama, dalangin ko na ang mga lalaki't babae na narito ay magkaroon ng pagkakita, sa gabing ito, at mapagtanto na bawat isa sa amin dito ay mortal, at di namin alam kung anong oras kami tatawagin para papanagutin na sa paghatol, at magbigay ng ulat sa ginawa naming tugon kay Jesus Cristo. At pagkatapos ang kaso'y sararhan na, isasara na ang aklat; masasara na 'yun dun, at wala nang bagay pa ang maaaring magawa. Hinatulan namin ang aming mga sarili dahil sa aming hatol sa Kanya.

<sup>166</sup> Ama, oh, Iyo pong saliksikin ang aking puso, sa gabing ito, Panginoon. "Iyong saliksikin ako," sabi ni David, "at subukin ako." Di lang po si David, bagkus ako rin po'y magsasabi nang ganoon din. Kung may anumang bagay na masamang lakad sa akin, Panginoon, Iyo pong iwaksi ito. Diyos, huwag Mo pong itulot na maglumagi pa ito sa akin, Panginoon. Di ko ito nais. Di ko ito nais, Ama. Iyo pong iwaksi ito.

<sup>167</sup> Di lang po para sa akin, bagkus maging para sa lahat ng mga narito ngayong gabi, na nakapakinig sa akin na mangaral, Ama. Dalangin ko na kung may anumang kasamaan, anumang kasalanan, sa mga taong narito, mangyari pong Iyong iwaglit ang lahat ng ito mula sa kanila, Panginoon. Huwag Mo pong itulot na maglumagi pa ang mga ito, sa Iyong mga anak. Diyos, Iyo pong ilayo ang mga ito. Iyong pagkalooban sila ng biyaya, na magtagumpay sa bawat pagsubok. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y ang Binhi ng Diyos, na inilabas na mula sa Basket ngayon, ay mag-ugat na sa loob ng puso ng mga tao, at lumago patungo sa walang hanggang Buhay. Hinihiling namin ang mga pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Oh, I want to see Him, I want to look upon His  
face,  
There to sing forever of His saving grace;  
On the streets of Glory let me lift my voice;  
When cares all past, home at last, ever to  
rejoice.

As I travel through this land, singing as I go,  
Pointing souls to Calvary, to Thy crimson flow,  
Oh, many arrows pierce my soul from without,  
within;  
But my Lord leads me on to Him, I must win.

Oh, I want to see Him, look upon His face,  
There to sing forever of His saving grace;  
On the streets of Glory let me lift my voice;  
Cares all past, home at last, ever to rejoice.

<sup>168</sup> Oh, gustung-gusto ko talagang umawit, isa sa mga araw na ito. Naniniwala akong pahihintulutan ako ng Panginoon na umawit, isa sa mga araw na ito. Oo. Kapag tumawid na ako sa may Ilog, siyanga, kapag tumawid na ako sa kabilang ibayo.

Marahil di ko magawa sa panig na ito. Di po ako marunong umawit. Pero alam n'yo ba kung anong aawitin ko roon?

There's nothing between my soul and the  
Saviour,  
Naught of this world's delusive dream;  
I have renounced all sinful pleasure,  
Jesus is mine, there's nothing between. (Oh,  
grave!)

. . . between my soul and the Saviour,  
Naught of this world's delusive dream;  
I have renounced all sinful pleasure,  
Jesus is mine, there's nothing between.

<sup>169</sup> Ilan po ang nagnanais na awitin 'yan sa gabing ito, bilang patotoo habang itinataas nila ang kanilang kamay?

Nothing between my soul and the Saviour,  
Naught of this world's delusive dream;  
I have renounced all sinful pleasure,  
Jesus is mine, there's nothing between.

<sup>170</sup> Hindi ba't ibinubunsod n'yan na uminam ang pakiramdam n'yo? "Ang dumirinig ng Aking Salita, at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan. Di na madadako pa sa kahatulan, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan."

<sup>171</sup> Heto tayo ngayong gabi, na nakataas ang ating mga kamay, umaawit, "Akin nang tinatalikuran ang lahat ng makasalanang kalayawan. Ang sa aki'y si Jesus na, wala nang nasa gitna pa. Trabaho ko man, mga kaibigan ko man, mga mahal ko man sa buhay, mga kamag-anak ko, maybahay ko, mga anak ko, ano man na narito sa lupa, kahit na ano pa man ang mga ito, wala na ngang nasa gitna pa ng kaluluwa ko't ng Tagapagligtas. Ang sa aki'y si Jesus na, wala nang nasa gitna pa. Lahat ng iba pang bagay ay pangalawahin." Di po ba't kamangha-mangha 'yun?

<sup>172</sup> Isa sa mga umagang ito, darating na may maririnig ka na umaawit, "Biyayang kamangha-mangha, kay sarap sa tainga," kapag tapos ka nang tumawid sa ibayo ng Ilog, alam n'yo.

<sup>173</sup> Sa pagsapit mo Roon at nanumbalik na muli sa pagiging kabataang lalaki at babae, nakakasalamuha ang lahat ng mga batang-bata mong mga kaanak sa dako Roon, alam n'yo. At ang mga mahal mo sa buhay, ang iyong tatay at nanay, na ika'y nakikipagkamay sa kanila, sinasabi, "Oh, nanay, napaka inam na makita kang muli. Buweno, tingnan mo, hayun si Kapatid na John na parating! Hayun si Kapatid na Joe na lumalapit! Buweno, tingnan mo rito, hindi бага't nagtatamasa tayo rito ng maluwalhating panahon!"

<sup>174</sup> At doon sa ibayo ng bulubundukin, doon sa ibayo sa isang dako, maririnig mo ngang may umaawit, "Biyayang kamangha-



mangha, kay sarap sa tainga, na nagligtas sa isang katulad kong aba.” Tatakbo ka patungo dun sa ibabaw ng burol at tatanaw, makikita mo ang munting dampa sa dakong ’yun sa isang gilid, si Kapatid na Branham ay nakatayo sa dakong ’yun na umaawit, “Biyayang kamangha-mangha.”

<sup>175</sup> Sasabihin mo, “Buweno, luwalhatiin ang Diyos! Siya’y Nakauwi na. Hayan nga siya, umaawit, *Biyayang kamangha-mangha.*” Oh, grabe!

Amazing Grace! how sweet the sound,  
That saved a wretch like me!  
I once was lost, but now I’m found,  
I was blind, but now I . . . [Blangkong bahagi sa  
teyp—Pat.]

<sup>176</sup> Sa pamamagitan nga ng biyaya! Bago pa talaga mabuo ang mundo, nagsalita na ang Diyos sa Kanyang mga Nilalang na Anghel, ang sabi, “Magkakaroon Ako ng isa na nagngangalang William Branham na mangangaral ng Ebanghelyo.”

It’s grace that taught my heart to fear,  
It’s grace my fears relieved;  
How precious did that grace appear  
The hour . . . (Ngayon ano?) . . . first believed!

Oh, how I love Jesus,  
Oh, how I love Jesus,  
Oh, how I love Jesus,  
Because He first loved me.

I’ll never forsake Him,  
I’ll never forsake Him,  
I’ll never forsake Him,  
Because He first loved me.

I’ve got a Father over yonder,  
I’ve got a Father over yonder,  
I’ve got a Father over yonder,  
On the other shore.

Oh, some bright day I’ll go and meet Him,  
Some bright day I’ll go and meet Him,  
Some bright day I’ll go and meet Him,  
On the other shore.

Oh, won’t that be a happy meeting!  
Won’t that be a happy meeting!  
Won’t that be a happy meeting!  
Upon the other shore.

Well, that bright day may be tomorrow,  
That bright day may be tomorrow,  
That bright day may be tomorrow,  
On the other shore.

177 Hindi po ba't magiging kahanga-hanga 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gusto ko pong awiting 'yung may "Father."


My Father is rich with houses and lands,  
He holdeth the wealth of the world in His hand!  
Of rubies and diamonds, of silver and gold  
His coffers are full, He has riches untold.

I'm a child of the King!  
A child of the King!  
With Jesus my Saviour,  
I'm a child of the King!

A tent or a cottage, why should I care?  
They're building a palace for me over There!  
Though exiled from home, but still I can sing:  
Oh, glory to God, I'm the child of the King!

I'm a child of the King!  
I'm a child of the King!  
With Jesus my Saviour,  
I'm a child of the King!

178 Makalangit naming Ama, habang ang mga puso nami'y naaantig sa mga lumang himno na ito na isinulat ng Espiritu Santo, maraming, maraming taon na ang nakalipas, noong ang mga kapatid na ito na yumao na'y, nahagip nila ang pangitain. Sila'y iniibig namin, dahil nagbigay sila sa amin ng matibay na pundasyon para suungin ang mga panahon na ito na mahirap. Diyos, Iyong ipagkaloob, sa gabing ito, na lahat ng kasalana'y maiwaglit na mula sa amin ngayon. Sa amin pong pagsapit sa panahon ng Kapaskuhan, Iyong alisin ang pagkakasala, alisin ang mga karamdaman, Panginoon. Diyos, Iyong pagpalain ang mga nangangailangan sa gabing ito, sa lahat ng dako. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus.

179 Sa mga tao rito ngayon na nagnanais na makaparito sa may altar, para mapahiran at maipanalangin. Maaari na po kayong lumapit habang ihinihiging natin ang awiting, *Child Of The King*, muli. Kita n'yo? Kung nakatayo kayo sa gilid dito . . . 

*MGA GAWA NG ESPIRITU SANTO* TAG54-1219E  
(Acts Of The Holy Spirit)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 19, 1954 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)